| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo)** | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |
| | **UNANG ARAW** | | | |
| **I. Layunin** | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay. | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng sariling pahayag tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay. | | | |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | Natutukoy ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay.<br>a. Naiisa-isa ang mga isyung tumutugon sa kasagraduhan ng buhay<br>b. Naipaliliwanag ang mga isyung taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay<br>**EsP10-PI-IVa-13.1** | | | |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 13: Mga Isyung Moral Tungkol sa Buhay** | | | |
| A. Sanggunian | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 143-148 | | | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 254-259 | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | |

| | |
|---|---|
| | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop*<br>larawan mula sa *internet*–Larawan ng mga Isyung may kinalaman sa buhay, *graphic organizer*<br>http://clipart-library.com/war-cliparts.html<br>http://www.clipartkid.com/clip-art-stick-figure-family-cliparts/<br>http://roelcalma.blogspot.com/<br>http://theconversation.com/finding-the-balance-in-south-australias-euthanasia-legislation-3505<br>http://roelcalma.blogspot.com/<br>http://www.ndtv.com/india-news/senior-ias-officer-commits-suicide-in-uttar-pradesh-1643243<br>http://mumbabymagazine.com/horrifying-video-see-what-is-going-on-with-the-baby-during-the-abortion/<br>https://www.cevapsepeti.com/ergenlik-ve-depresyon-hakkinda/ |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | A. Ipabasa ang linyang nasa loob ng kahon at tumawag ng ilang mag-aaral upang magbigay ng paliwanag ukol dito. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*)<br>Ang tunay na diwa ng espirituwalidad ay ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa at pagtugon sa tawag ng Diyos.<br>B. Pasagutan ang Paunang Pagtataya para sa pagsisimula ng aralin. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Inquiry-Based Approach*)<br><br>Paunang Pagtataya |

1. Anong isyung moral sa buhay ang tumutukoy sa pagpapalaglag at pag-aalis ng isang *fetus* o sanggol na hindi maaaring mabuhay sa pamamagitan ng kanyang sarili sa labas ng bahay-bata ng ina?

a. Aborsiyon  b. Alkoholismo  c. *Euthanasia*  d. Pagpapatiwakal

2. Isang mahalagang katanungang kinapapalooban ng dalawa o higit pang mga panig o posisyong magkakasalungat at nangangailangan ng mapanuring pag-aaral upang malutas.

a. balita  b. isyu  c. kontrobersiya  d. opinyon

Basahin at unawaing mabuti ang talata. Sagutin ang aytem tatlo at apat ayon sa pagkakaunawa mo nito.

*The Lifeboat Exercise* Hango sa aklat ni William Kirkpatrick *Why Johnny Can't Tell Right from Wrong: And What We Can Do About It* (1992)

> Sa isang klase, nagbigay ng sitwasyon ang guro upang mapag-isipan ng mga mag-aaral. Ayon sa kanya, isang barko ang nasiraan sa gitna ng karagatan at nanganganib nang lumubog. Dahil dito, ihinanda ng mga tauhan ng barko ang mga *lifeboat* upang mailigtas ang mga pasahero. Ngunit limitado lamang ang bilang nito at hindi lahat ng mga pasahero ay makagagamit nang sabay-sabay. Nangangahulugan itong may maiiwan at di-tiyak ang kanilang kaligtasan. Nagbigay ang guro ng maikling paglalarawan ng mga nasa loob ng barko. Kabilang dito ang mag-asawa at ang kanilang anak, *accountant*, manlalaro ng basketball, guro, doktor, inhinyero, artista, mang-aawit, pulis, sundalo, isang batang *Mongoloid*, matandang babae at marami pang iba. Mula sa nabanggit, dapat pumili ang mga mag-aaral kung sino-sino ang mga sasakay sa *lifeboat* at ang mga maiiwan sa barko.

3. Sa pahayag na "Limitado lamang ang bilang ng mga *lifeboat* at hindi lahat ng mga pasahero ay makagagamit nang sabay-sabay. Nangangahulugang may maiiwan at di-tiyak ang

| | |
|---|---|
| | kanilang kaligtasan," ano ang dapat na maging kaisipan ng taong may hawak ng *lifeboat*?<br>a. Mahalaga ang oras sa pagsagip lalo na kung nasa panganib.<br>b. Mahalaga ang kontribusyon ng mga tao sa lipunan sa pagpili ng sasagipin.<br>c. Mahalaga ang buhay anuman ang katayuan o kalagayan ng tao sa lipunan.<br>d. Mahalaga ang edad sa pagsasaalang-alang sa pagpili ng sasakay sa *lifeboat*.<br><br>4. Bakit hindi maituturing na mabuting halimbawa ang *lifeboat exercise* kung iuugnay sa kasagraduhan ng buhay?<br>a. Dahil susi ito tungo sa mabuting pagtingin sa tunay na kahulugan ng buhay.<br>b. Dahil nagbibigay ito ng positibong pagtingin sa kasagraduhan ng buhay.<br>c. Dahil balakid ito upang mabawasan ang halaga ng pagtingin sa buhay.<br>d. Dahil daan ito upang maisantabi ang pagpapahalaga sa buhay.<br><br>5. Dahil sa isip at kilos-loob, inaasahang ang tao ay makabubuo ng mabuti at matalinong posisyon sa iba't ibang isyung moral na umiiral sa ating lipunan. Ang pangungusap na ito ay:<br>a. Tama, dahil ginagabayan ng isip ang kilos-loob tungo sa kabutihan.<br>b. Tama, sapagkat ang tao ay may isip na nagbibigay ng kakayahang gumawa, kumilos, pumili at magmahal.<br>c. Mali, dahil ang tao ay malayang mamili at mamuno sa kanyang paghusga, gawi at kilos.<br>d. Mali, dahil ang tao ay may kakayahang hanapin, alamin, unawain at ipaliwanag ang katotohanan sa kanyang paligid.<br><br>6. Ang sumusunod ay pisikal na epekto ng labis na pag-inom ng alak maliban sa:<br>a. Nagpapabagal ng isip<br>b. Nagpapahina sa enerhiya<br>c. Nagiging sanhi ng iba't ibang sakit<br>d. Nababawasan ang kakayahan sa pakikipagkapwa<br><br>7. Si Matteo ay mahilig sumama sa kanyang mga kaibigan sa labas ng paaralan. Dahil dito, |

naimpluwensiyahan at nagumon siya sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Hindi nagtagal, nakagagawa na siya ng mga bagay na hindi inaasahan tulad ng pagnanakaw. Marami ang nalungkot sa kalagayan niya sapagkat lumaki naman siyang mabuting bata. Ipaliwanag ang naging kaugnayan ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot sa isip at kilos-loob ni Matteo at sa kanyang maling pagpapasya.


a. Ang isip ay nagiging "*blank spot*," nahihirapang iproseso ang iba't ibang impormasyong dumadaloy rito – sanhi ng maling kilos at pagpapasya.
b. Ang isip ay nawalan ng kakayahang magproseso dahil na rin sa pag-abuso rito at di pag-ayon ng kilos-loob sa pagpapasya.
c. Ang isip at kilos-loob ay hindi nagtugma dahil sa kawalan ng pagpipigil at matalinong pag-iisip.
d. Ang isip at kilos-loob ay humina dahil sa maraming bagay na humahadlang sa paggawa nito ng kabutihan.


8. Bakit pinakaangat ang tao sa ibang nilikhang may buhay?
a. Nilikha siyang may isip, kilos-loob, puso, kamay at katawang magagamit niya upang makamit niya ang kaganapan bilang tao.
b. Taglay niya ang kakayahang piliin ang mabuti para sa sarili at sa ibang nilikha ayon sa Likas na Batas Moral.
c. May kakayahang hanapin, alamin, unawain at ipaliwanag ang mga katotohanan at layunin ng mga bagay-bagay sa kanyang paligid.
d. May isip at kilos-loob na nagbibigay ng kakayahang kumilos, gumawa at magpahalaga sa kanyang sarili, kapwa at iba pang nilikha.

9. Anong proseso ang isinasagawa sa modernong medisina upang wakasan ang buhay ng taong may malubhang sakit na kailanman ay hindi na gagaling pa?
a. *Suicide*  b. *Abortion*  c. *Euthanasia*  d. *Lethal injection*

10. May tamang oras ang lahat ng pangyayari sa ating buhay. Hindi tayo dapat mawalan ng

| | |
|---|---|
| | pag-asa. Sa kabilang banda, hindi nararapat husgahan ang mga taong nagpatiwakal. Maaaring sila ay may pinagdaraanang mabigat na suliranin at wala sa tamang pag-iisip (halimbawa, depresyon) sa oras na ginawa nila iyon. Ano ang mahalagang diwang isinasaad ng pahayag?<br><br>a. Ang buhay ay sadyang mahalaga anuman ang pinagdaraanan ng tao sa kanyang kasalukuyang buhay.<br>b. May responsibilidad ang tao sa kanyang sariling buhay.<br>c. Hindi sagot ang mga pinagdaraanang suliranin upang magpasyang magpatiwakal.<br>d. Ang pag-asa ay magiging daan sa pagpapatuloy sa buhay gaano man kabigat ang pinagdaraanan. |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A.Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>Natutukoy ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay.<br>a. Naiisa-isa ang mga isyung tumutugon sa kasagraduhan ng buhay<br>b. Naipaliliwanag ang mga isyu na taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay<br><br>B. Suriin ang larawan at piliin ang nagpapakita ngpagpapahalaga sa buhay.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Inquiry-Based Approach)*<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano nga ba ang kahalagahan ng pangangalaga ng buhay?<br>2. Bakit ito itinuturing na pinakamahalagang biyaya o regalo ng Diyos? |

| | |
|---|---|
| | |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Pangkatin ang klase sa lima. Suriing mabuti ang mga larawang nasa kahon at tukuyin ang isyung tumutugon dito. Sagutin ang sumusunod na katanungan sa ibaba. Pumili ng lider na mag-uulat. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Collaborative/Constructivist Approach*)<br><br>larawan? Ipaliwanag.<br>2. Alin sa mga isyung ito ang madalas mong nababasa at naririnig na pinag-uusapan?<br>3. Kung ikaw ang tatanungin, bakit sinasabing mga isyu sa buhay ang mga gawaing ito? Ipaliwanag ang iyong sagot. |

| | |
|---|---|
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Magkaroon ng *brainstorming* ang bawat grupo tungkol sa mga isyu sa buhay. Ibigay ang sariling kahulugan ukol dito.Tunghayan ang nasa ibabang *graphic organizer* para sa pormat ng gagawing presentasyon.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Collaborative/Constructivist Approach)*<br><br> |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Batay sa ginawang *graphic organizer*, isagawa ang pag-uulat ng bawat pangkat. Pumili ng tagapag-ulat.**(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Collaborative Approach)* |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Sagutin ang sumusunod na katanungan.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>1. Sa kabuuan, ano-ano ang iyong natuklasan tungkol sa iyong sarili batay sa resulta ng iyong ginawa?<br>2. Paano nakaaapekto sa buhay ng tao ang mga sumusunod na isyu?<br>a. Aborsyon<br>b. Paggamit ng Droga<br>c. *Euthanasia*<br>d. Pagpapatiwakal<br>e. Alkoholismo |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | |

<table>
<tr><td></td><td>Sa inyong notbuk, gumawa ng isang makabuluhang sanaysay na binubuo ng 50 salitang may pamagat na “Pagpapahalaga sa Nag-iisang Buhay.” (gawin sa loob ng 10 minuto)<br>(Reflective/Constructivist Approach)</td></tr>
<tr><td>H. Paglalahat sa aralin</td><td>Ang pagkakaroon ng malalim na pagkaunawa at sapat na kaalaman sa halaga at kasagraduhan ng buhay ang nagpapatingkad ng pagiging makabuluhan ng nag-iisang buhay ng tao.Mahalagang pairalin ang katalinuhan sa pagpili ng posisyon hinggil sa mga isyung moral.</td></tr>
<tr><td>I. Pagtataya ng Aralin</td><td>Punan ang tsart ng mga sitwasyong nagpapakita ng mga isyung may kaugnayan sa buhay. Ibigay ang kahulugan nito.(2 puntos bawat bilang) (gawin sa loob ng 8 minuto)<br>(Reflective/Constructivist Approach)
<table>
<tr><th>ISYUNG MORAL</th><th>KAHULUGAN</th></tr>
<tr><td>1.</td><td></td></tr>
<tr><td>2.</td><td></td></tr>
<tr><td>3.</td><td></td></tr>
<tr><td>4.</td><td></td></tr>
<tr><td>5.</td><td></td></tr>
</table></td></tr>
<tr><td>J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation</td><td>Kumuha, gumuhit o gumupit ng mga larawan o artikulong nagpapakita ng paglabag sa batas moral o kasagraduhan ng buhay. Idikit ito sa notbuk at magbigay ng isang maikling paliwanag ukol dito.</td></tr>
<tr><td>IV. MgaTala</td><td></td></tr>
<tr><td>V. Pagninilay</td><td></td></tr>
<tr><td>A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.</td><td></td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | |


| | |
|---|---|
| | Nakagagawa ang mag-aaral ng sariling pahayag tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | Nasusuri ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay.<br>a. Nakapagsusuri ng mga sitwasyon tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay.<br>b. Nakapaglalahad ng sanhi at bunga ng paglabag sa kasagraduhan ng buhay.<br>**EsP910-PI-IVa-13.2** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 13: Mga Isyung Moral Tungkol sa Buhay** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 150-151 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 260-262 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Video at *audio clip* mula sa *Internet*<br>http://www.youtube.com/ watch?v=z25TmQk_Aem<br>http://www.youtube.com/ watch?v=qUgZSBc__asc<br>http://www.youtube.com/ watch?v=HgKB__Z8p-DI |

| | |
|---|---|
| | http://www.youtube.com/watch?v=XoJLkFa76Y8<br>Mga larawan mula sa *internet* at *graphic organizer* |
| **III.Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Ano-ano ang larawang inyong nakalap ukol sa mga gawaing nagpapakita ng paglabag sa batas moral o kasagraduhan ng buhay? Ipakita at ipaliwanag ito. **(gawin sa loob ng 2 minuto)** (*Reflective Approach*) |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A.Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>Nasusuri ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay.<br>1. Nakapagsusuri ng mga sitwasyon tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay.<br>2. Nakapaglalahad ng sanhi at bunga ng paglabag sa kasagraduhan ng buhay.<br><br>B. Panoorin ang mga *video clips* sa *youtube*. Maaaring pumili ang guro ng isa o dalawa mula sa mga tala ng *video clips*. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Reflective Approach*)<br><br>1. *Former drug addict shares life story, lessons*<br>http://www.youtube.com/ watch?v=z25TmQk_Aem<br>2. *Abortion in the Philippines documentary (1 of 2):* Agaw-Buhay *(Fighting for Life)*<br>http://www.youtube.com/ watch?v=qUgZSBc__asc<br>*Abortion in the Philippines documentary (2 of 2* Agaw- Buhay *(Fighting for Life)*<br>http://www.youtube.com/ watch?v=HgKB__Z8p-DI<br>3. Pinay *Alcoholics (*Sandra Aguinaldo's *I-Witness Documentary)*http://www.youtube.com/watch?v=XoJLkFa76Y8 |

| | |
|---|---|
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Batay sa napanood na *video*, sagutin ang sumusunod na katanungan. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kasagutan.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br><br>1. Ano-ano ang mahahalagang mensaheng ipinararating ng bawat palabas?<br>2. Ano-anong argumento sa mga isyu ng buhay ang ipinakikita ng bawat isa?<br>3. Bakit mahalagang maunawaan ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay?<br>4. Paano matutukoy na ang isang gawain ay taliwas sa kasagraduhan ng buhay? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Pangkatin ang klase sa 5. Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyong nagpapakita ng iba't ibang isyu tungkol sa buhay. Ilarawan ang isyu sa buhay na tinutukoy sa sitwasyon. Isa-isahin ang mga argumento sa mga isyung nabanggit at ibigay ang konklusyon.Sundin ang nakatakdang gawain sa bawat grupo. **(gawin sa loob ng 15 minuto)** (*Collaborative Approach*)<br><br>(see table below)<br><br>Kraytirya:<br>● Husay ng pagganap- 40%<br>● Pagkamalikhain- 40% |

| Pangkat | Isyu | Gawain |
|---|---|---|
| Una | Isyu 1 | Dula-dulaan |
| Ikalawa | Isyu 2 | Pagbabalita |
| Ikatlo | Isyu 3 | Sabayang Pagbigkas |
| Ikaapat | Isyu 4 | Monologo |
| Ikalima | Isyu 5 | Malikhaing Pagkukuwento |

| | |
|---|---|
| | ● Kooperasyon at Disiplina- 20% <br><br> 1. Malaki ang pag-asa ng mga magulang ni Jodi na makapagtatapos siya ng pag-aaral at makatutulong sa pag-ahon ng kanilang pamilya mula sa kahirapan. Matalinong bata si Jodi. Sa katunayan ay iskolar siya sa isang kilalang unibersidad. Ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon, naging biktima siya ng *rape* sa unang taon pa lamang niya sa kolehiyo. Sa kasamaang-palad, nagbunga ang nangyari sa kanya. Kung ikaw ang nasa kalagayan niya, ano ang gagawin mo? Itutuloy mo ba ang iyong pagbubuntis? Maaari bang ituring na solusyon sa sitwasyon ni Jodi ang pagpapalaglag ng dinadala niya gayong bunga ito ng hindi magandang gawain? <br><br> 2. Kasama si Agnes sa mga pinakamalubhang nasaktan sa isang aksidente na naganap noong nakaraang taon. Ayon sa mga doktor, nasa *comatose stage* siya at maaaring hindi na magkaroon ng malay. Ngunit posibleng madugtungan ang buhay niya sa pamamagitan ng *life support system*. Malaking halaga ang kakailanganin ng kanilang pamilya upang manatiling buhay si Agnes. Hindi mayaman ang kanilang pamilya. Sa iyong palagay, makatuwiran bang ipagpatuloy ang paggamit ng *life support system* kahit maubos ang kanilang kabuhayan? O nararapat na tanggapin na lamang ang kanyang kapalaran gayong mamamatay rin naman si Agnes? <br><br> 3. Dahil sa matinding lungkot, nagpasya si Marco na kitilin ang sariling buhay dalawang buwan pagkatapos ng kanyang ika-16 na kaarawan. Nagsisimula pa lamang siya noon sa ikaapat na taon ng *high school*. Sa isang *suicide note*, inilahad niya ang saloobin ukol sa mabibigat na mga suliraning kinakaharap niya sa bahay at paaralan. Humingi siya ng |

| | |
|---|---|
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Pagbigayin ng reaksyon ang isang miyembro sa bawat grupo tungkol sa ginawang presentasyon. Gawing gabay ang sumusunod na katanungan. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Collaborative/Reflective Approach*)<br>1. Ilarawan ang isyu sa buhay na tinutukoy sa sitwasyon.<br>2. Isa-isahin ang mga argumento sa mga isyung nabanggit.<br>3. Ano ang nararapat na maging pasya ng tao sa mga isyung lumalabag sa batas ng Diyos?<br>4. Bakit nararapat pahalagahan ang buhay?<br>5. Paano mapapanatiling sagrado ang buhay na ipinagkaloob sa atin? |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat sa notbuk ang sariling kasagutan. Tumawag ng limang mag-aaral na magbabahagi ng kasagutan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*)<br>1. Ano ang iyong nararamdaman kapag nakakikita ka ng mga taong hindi nagpapahalaga sa buhay?<br>2. Bakit kailangang pagtibayin at itaguyod ang kahalagahan at kasagraduhan ng buhay?<br>3. Sino-sino ang madalas na kakitaan ng paglabag sa mga mga batas ng Diyos? |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Sumulat ng tatlong sanhi at bunga ng paglabag sa kasagraduhan ng buhay.<br>**(gawin sa loob ng 6 minuto)** (*Reflective/Constructivist Approach*)<br><br> |

| | |
|---|---|
| H. Paglalahat sa aralin | Ang paglabag at hindi pagpapahalaga sa mga batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay ay mga indikasyon ng kawalang respeto sa biyayang kaloob sa atin. Ang mabuting posisyon at paninindigan ay marapat na bigyang-pansin sa lahat ng sitwasyon. Dahil sa isip at kilos-loob, inaasahang makabubuo tayo ng matalinong pagpapasya sa kabila ng mga isyung moral na umiiral sa lipunan. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Bumuo ng isang maikling liham para sa iyong kakilala na may pinagdadaanang isyung taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay.Hikayatin siyang panatilihin ang kasagraduhan ng buhay. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Constructivist Approach*)<br>Kraytirya:<br>● Nilalaman- 50%<br>● Organisasyon- 20%<br>● Husay ng Paghikayat- 30% |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Magsaliksik ng karagdagang impormasyon ukol sa mga isyung taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay. |
| **IV. MgaTala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |

| | |
|---|---|
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKATLONG ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng sariling pahayag tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | Nakagagawa ng posisyon tungkol sa mga isyung may kinalaman sa mga gawaing taliwas sa kasagraduhan ng buhay.<br>a. Naipaliliwanag ang kahulugan, dahilan at epekto ng mga isyung moral sa lipunan.<br>b. Nauunawaan ang halaga ng pagkakaroon ng matibay na paninindigan ukol sa paggawa ng moral at mabuti. **EsP10-PI-IVb-13.3** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 13: Mga Isyung Moral Tungkol sa Buhay** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 150-152 |
| | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 263-274 |

| | |
|---|---|
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop,* larawan mula sa *internet*<br>*http://cliparts.co/baby-cartoon-drawings*<br>*http://www.clipartkid.com/cartoon-man-cliparts* |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Magbigay ng reaksyon sa sumusunod na pahayag: **(gawin sa loob ng 3 minuto)** (*Reflective Approach*)<br>1. Ang tao ang pinakatangi at pinaka-espesyal sa lahat ng nilikha ng Diyos.<br>2. Ang buhay na ipinagkaloob sa tao ay itinuturing na banal o sagrado. |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin. Nakagagawa ng posisyon tungkol sa mga isyung may kinalaman sa mga gawaing taliwas sa kasagraduhan ng buhay.<br>1. Naipaliliwanag ang kahulugan, dahilan at epekto ng mga isyung moral sa lipunan.<br>2. Nauunawaan ang halaga ng pagkakaroon ng matibay na paninindigan ukol sa paggawa ng moral at mabuti.<br>B. Tatawag ang guro ng limang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang nasaliksik tungkol sa mga isyu sa buhay. **(gawin sa loob ng 5minuto)** *(Reflective Approach)* |

C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin

Hanapin sa *puzzle* ang mga salitang may kinalaman sa isyu tungkol sa buhay.
**(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Constructivist Approach*)

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | M | S | I | L | O | H | O | K | L | A | S |
| B | A | W | A | L | R | H | T | I | N | G | U |
| S | X | A | B | U | H | A | Y | U | M | O | I |
| D | E | P | R | E | S | Y | O | N | N | R | C |
| E | U | T | H | A | N | A | S | I | A | D | I |
| D | A | L | A | K | E | A | S | I | N | P | D |
| E | N | O | Y | S | R | O | B | A | U | O | E |
| K | A | B | A | T | A | A | N | O | Y | H | A |

Alkoholismo buhay Aborsyon *suicide* *Euthanasia*
Droga bawal alak kabataan depresyon

D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1

Basahin nang tahimik ang maikling sanaysay. Sagutin ang katanungan sa ibaba.
Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kasagutan. **(gawin sa loob ng 15 minuto)** *(Reflective Approach)*

Sa mga modyul sa Unang Markahan ng Baitang 10, naipaliwanag sa iyo ang mga konseptong ikaw, bilang tao, ay natatangi at naiiba sa ibang mga nilalang na may buhay. Naunawaan mo na pinagkalooban ka ng isip, kilos-loob, puso, kamay at katawan na siyang nagpabubukod sa iyong pagkatao at nagpapatibay na nilikha ka na kawangis ng Diyos. Nalaman

| | |
|---|---|
| | mo na sa pamamagitan ng isip, ang tao ay may kakayahang hanapin, alamin, unawain at ipaliwanag ang mga katotohanan, layunin at dahilan ng mga bagay-bagay sa kanyang paligid. Bukod pa rito, maituturing din na isang mahalagang kaloob sa tao ang pagkakaroon ng kilos-loob sapagkat ito ang nagbibigay sa tao ng kakayahang gumawa, kumilos, pumili at magmahal. Bawat isa sa atin ay biniyayaan ng Diyos ng kalayaang mamili at mamuno sa ating paghusga, gawi at kilos. Ang kilos-loob ang nagdadala sa ating piliin ang mabuti, magkaroon ng disiplina sa sarili, pagtibayin ang mga unibersal na katotohanan at panatilihin ang pagsasagawa nito nang paulit-ulit. Tulad ng isip, mahalagang magabayan ang ating kilos-loob tungo sa kabutihan.<br><br>Dahil sa ating isip at kilos-loob, inaasahang tayo ay makabubuo at makagagawa ng isang mabuti at matalinong posisyon sa kabila ng iba't ibang isyung umiiral sa ating lipunan. Ano ang kahulugan ng salitang isyu? Ayon sa *website* na www.depinisyon.com., ang isyu ay isang mahalagang katanungang kinapapalooban ng dalawa o higit pang mga panig o posisyong magkakasalungat at nangangailangan ng mapanuring pag-aaral upang malutas." (*retrieved February* 25, 2014)<br><br>Ang mga modyul sa ikaapat na markahan sa Baitang 10 ay tatalakay sa iba't ibang napapanahong isyung moral sa ating lipunan. Marahil sa pagsulong ng agham at sa mabilis na agos ng pamumuhay ng mga tao, tayo ay nakararanas ng kalituhan at unti-unti nang nagbabago ang ating pananaw sa moralidad. Ang mga gawing itinuturing na masama sa mga nagdaang panahon ay nagkakaroon na ng iba't ibang pagtingin sa kasalukuyan. Dahil din sa nakalilitong mensahe ng *media*, mahirap makabuo ng matalino at mabuting posisyon ukol sa mga isyung ito. Sa kasamaang-palad, ang iba ay nakalilikha na ng mga opinyon nang hindi pa nasusuri at napag-iisipan ang iba't ibang panig, mga argumento at batayan sa pagbuo ng posisyon kaugnay ng iba't ibang isyung moral. |

| | |
|---|---|
| | Madalas mong marinig na ang tao ay natatangi at espesyal sa lahat ng nilikha ng Diyos. Sa kadahilanang ito, ang buhay na ipinagkaloob sa tao ay itinuturing na banal o sagrado. Naniniwala ka ba rito? Paano mo pinahahalagahan ang iyong buhay?<br><br>Sa aklat na *“Perspective*:” *Current Issues in Values Education*” (De Torre, 1992) sinasabi na, “Ang buhay ng tao ay maituturing na pangunahing pagpapahalaga. Ang isang tao ay hindi maaaring gumawa at mag-ambag sa lipunan kung wala siyang buhay. Ang isang tao ay dapat unang isilang upang mapaunlad ang kanyang sarili at makapaglingkod sa kapwa, pamayanan at bansa. Kaya kinakailangang isilang at mabuhay siya.”<br><br>Ang buhay na ipinagkaloob sa tao ay kakaiba sa buhay na mayroon ang ibang nilikha. Bagaman ang tao ay nilikhang malaya, hindi nangangahulugang ito ay ganap. Kung ating babalikan ang Modyul 4, nabanggit doon na kailangan nating maging mapanagutan sa ating kalayaan. Kung ating susuriin ang pahayag na ito, mapatutunayan nating bagama’t may kalayaan tayong mabuhay at pumili ng landas na ating tatahakin habang tayo ay nabubuhay, hindi bahagi nito ang pagsira o pagkitil sa sariling buhay o ng ibang tao kung sakaling napagod tayo at nawalan na ng pag-asa. Tungkulin natin bilang tao na pangalagaan, ingatan at palaguin ang sariling buhay at ng ating kapwa. Sa kabila ng katotohanang ito, nakalulungkot isipin na may ilang gawain ang tao na taliwas at tuwirang nagpapakita ng pagwawalang-halaga sa kasagraduhan ng buhay. Ano-ano ang mga ito? Halina’t pag-usapan natin ang iba’t ibang mga isyu tungkol sa buhay.<br><br>Mga Isyu Tungkol sa Buhay<br><br>1. Paggamit ng ipinagbabawal na gamot- Ito ay isang estado sikiko(*psychic*) o pisikal na pagdepende sa isang mapanganib na gamot, na nangyayari matapos gumamit nito ng paulit-ulit at sa tuloy-tuloy na pagkakataon. Dahil sa droga, ang isip ng tao ay nagiging *blank spot*. Nahihirapan ang isip na iproseso ang iba’t ibang impormasyong dumadaloy dito. Nagdudulot ito ng masamang epekto sa katawan at isip. Karamihan din ng mga krimeng nagaganap sa |

| | |
|---|---|
| | ating lipunan ay malaki ang kaugnayan sa paggamit ng droga.<br><br>2. Alkoholismo- Ang alkoholismo o labis na pagkonsumo ng alak ay ang unti-unting Nagpapahina sa enerhiya, nagpapabagal sa pag-iisip at sumisira sa kanyang kapasidad na maging malikhain. Dahil sa kaibahan ng kanilang pag-uugali at kawalan ng pokus, nababawasan ang kakayahan sa paglinang ng makabuluhang pakikipagkapwa ang mga nagugumon sa alkohol. Maraming sakit din ang kaugnay ng labis na pagkonsumo nito tulad *ng cancer*, sakit sa atay at *kidney*.<br><br>3. Aborsiyon- Ito ay ang pagpapalaglag o pag-aalis ng isang *fetus* o sanggol sa sinapupunan ng ina. Sa ibang bansa, ito ay itinuturing na isang lehitimong paraan upang kontrolin o pigilin ang paglaki ng populasyon, ngunit sa Pilipinas, itinuturing itong isang krimen. (Agapay, 2007)<br><br>4. Pagpapatiwakal o *suicide*- Ito ay ang sadyang pagkitil ng isang tao sa sariling buhay at naaayon sa sariling kagustuhan. Ang kawalan ng pag- asa (*despair*) ay isa sa mga karaniwang dahilan kung bakit may ilang taong pinipiling kitilin ang sarili nilang buhay. Ito ay tumutukoy sa pagkawala ng tiwala sa sarili at kapwa, gayundin ang pagkawala ng paniniwala na may mas magandang bukas pang darating. Maaaring sila ay wala sa tamang pag-iisip (halimbawa, depresyon) sa oras na ginagawa nila iyon.<br><br>5. *Euthanasia o mercy killing*- Ito ay isang gawain kung saan napadadali ang kamatayan ng isang taong may matindi at wala ng lunas na karamdaman. Ito rin ay tumutukoy sa paggamit ng mga modernong medisina at kagamitan upang tapusin ang paghihirap ng isang maysakit.<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang ipinahihiwatig ng sanaysay?<br>a. Kahulugan ng Isyu<br>b. Mga Isyu tungkol sa Buhay: Kahulugan, Dahilan at Epekto nito sa Tao<br>c. Buhay para sa Di-Normal |

| | |
|---|---|
| | 2. Bakit kaya nagkakaroon ng lubhang kalituhan at malaking pagbabago sa pananaw hinggil sa moralidad sa harap ng mabilis na agos ng buhay?<br>3. Anong pagpapahalaga ang nangangailangan ng masusing tugon sa pagharap sa mga isyung moral tungkol sa buhay? |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Sa pamamagitan ng *Mannequin Challenge,* ipakikita ng bawat pangkat ang paninindigan sa mahahalagang konseptong nasa Pagpapalalim. Gamitin ang kraytira sa ibaba.<br>**(gawin sa loob ng 15 minuto)** *(Collaborative Approach)*<br>Pangkat 1- Aborsyon<br>Pangkat 2- *Euthanasia* o *mercy killing*<br>Pangkat 3- Pagpapatiwakal<br>Pangkat 4- Paggamit ng ipinagbabawal na gamot<br>Pangkat 5- Alkoholismo<br><br>Kraytirya:<br>● Pagkamalikhain- 40%<br>● Husay ng pagganap- 40%<br>● Kooperasyon at Disiplina- 20% |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat sa notbuk ang kasagutan.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Inquiry-Based Approach)*<br>1. Ano ang ibig sabihin ng isyu? Ipaliwanag.<br>2. Paano naiiba ang buhay na ipinagkaloob sa tao kung ikukumpara sa ibang nilikha ng Diyos?<br>3. Paano nakaaapekto sa ating isip at kilos-loob ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot at alkoholismo?<br>4. May karapatan ba ang tao na maging Diyos sa sarili niyang buhay? Bakit?<br>5. Bakit sagrado ang buhay ng tao?<br>6. Paano natin mapapanatili ang kasagraduhan ng buhay ng tao? |


| | |
|---|---|
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Buuin ang mahalagang konseptong nahinuha mula sa mga nagdaang gawain at mga babasahin. Pumili ng kasagutan sa loob ng kahon. Isulat sa patlang ang sagot. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Constructivist/Reflective Approach)*<br><br>buhay nilikha mapatibay kapangyarihan kadakilaan paninindigan<br><br>Ang pagbuo ng _________ tungkol sa mga isyung may kinalaman sa ________ ng sa pagmamahal niya sa bilang kaloob ng Diyos ay kailangan upang _________ ang ating pagkilala sa kanyang _________ at _________ at kahalagahan ng bilang ________ ng Diyos. |
| H. Paglalahat sa aralin | Ang buhay na ipinagkaloob sa tao ay kakaiba sa buhay na mayroon ang ibang nilikha. Bagaman ang tao ay nilikhang malaya, hindi nangangahulugang ito ay ganap. Kailangang maging mapanagutan ang ating kalayaan.Tungkulin natin bilang tao na pangalagaan, ingatan at palaguin ang sariling buhay at ng ating kapwa. Ang mga napapanahong isyung moral sa ating |

| | |
|---|---|
| | lipunan ay marapat nating maunawaan upang sa ganun ay makabuo tayo ng matibay at kongkretong paninindigan na pahalagahan at panatilihin ang kasagraduhan ng buhay. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Gumawa ng isang *poster* gamit ang *oslo paper* na may temang "Kabataan, Panatilihing Sagrado ang Iyong Buhay". Gamitin ang kraytirya sa ibaba. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Constructivist Approach)*<br><br>Kraytirya:<br>● Nilalaman/ Mensahe- 60%<br>● Pagkamalikhain- 40% |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Gumupit ng isang balita o lathalaing napapanahong may kaugnayan sa mga isyu ukol sa buhay. Idikit sa notbuk at magbigay ng maikling reaksyon tungkol dito. |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| | |

| | |
|---|---|
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo)** | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |
| | **IKAAPAT NA ARAW** | | | |
| **I. Layunin** | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay. | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng sariling pahayag tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay. | | | |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Nasusuring mabuti ang tamang posisyon tungkol sa mga isyung moral ukol sa buhay.<br>2. Nakagagawa ang mag-aaral ng sariling posisyon, pahayag at paninindigan hinggil sa mga gawaing taliwas sa kasagraduhan ng buhay.<br>3. Naipakikita ang pagsasabuhay ng tunay na pagpapahalaga sa buhay na kaloob ng Diyos.<br>**EsP10-PI-IVb-13.4** | | | |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 13: Mga Isyung Moral Tungkol sa Buhay** | | | |

| | |
|---|---|
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 159-163 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 276-277 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop,* larawan mula sa *internet*<br>http://roelcalma.blogspot.com/<br>http://www.remate.ph/2014/12/adik-nagbigti-sa-depresyon/<br>http://clipart-library.com/cramming-cliparts.html<br>https://www.google.com.ph/search?sa=G&hl=en-PH&q=malaikat+israfil+meniup+sangkakala&tbm=isch&tbs=simg:CAQSlQEJbuxolHcuOr8aiQELEKjU2AQaAggJDAsQsIynCBpiCmAIAxIoghXtFYgVkhb9HYkemR6FFcgMkhW4IrsirSXIIrkisSrHIusitCrYLxowqSL_1c-vKpxBFyc-uIi6XuznHamUdq9YDIpboLdW3zvmQDsNAlQyAva4VfGhYXDOpIAQMCxCOrv4IGgoKCAgBEgSPS5tBDA&ved=0ahUKEwj3zfWsjb7RAhVCJZQKHZsLCTQQwg4IFygA |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Gamit ang maikli at napapanahong balita na iyong nakalap, sagutin ang sumusunod na katanungan. **(gawin sa loob ng 3 minuto)** (*Reflective Approach)*<br>1. Ano ang isyung moral na itinatampok sa balitang iyong nakuha? |

| | |
|---|---|
| | 2. Ano ang naramdaman mo sa nabasang lathalain?<br>3. Bakit kaya ito nagaganap at ano ang epekto nito sa buhay ng mga sangkot at nasa paligid nito?<br>4. Paano maiiwasan ang sitwasyong gaya ng nasa balita? |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Nasusuring mabuti ang tamang posisyon tungkol sa mga isyung moral ukol sa buhay.<br>2. Nakagagawa ang mag-aaral ng sariling posisyon, pahayag at paninindigan hinggil sa mga gawaing taliwas sa kasagraduhan ng buhay.<br>3. Naipakikita ang pagsasabuhay ng tunay na pagpapahalaga sa buhay na kaloob ng Diyos.<br><br>B. Suriin ang mga larawan at sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>   <br>1. Ano-ano ang ipinakikita ng bawat larawan?<br>2. Anong mga pagpapahalaga ang ipinapakita dito?<br>3. Paano mo tutugunan ang ganitong sitwasyon kung ikaw ang nasa parehong kalagayan? |

| | |
|---|---|
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Sa pamamagitan ng *Powerpoint Presentation*, ipakikita ng guro ang mga bahagi ng *Position paper* at talakayin ito.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>Pormat:<br>● *Title Page*<br>● Panimula<br>● Mga Argumento sa Isyu<br>● Ang Sariling Posisyon sa Isyu<br>● Konklusyon<br>● Sanggunian |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Pangkatin ang klase sa dalawang grupo; panig ng sang-ayon at hindi sang-ayon para sa pagsasagawa ng debate.Maaaring pumili ng isang paksang pagtatalunan sa mga nasa ibaba. **(gawin sa loob ng 15 minuto)** *(Collaborative Approach)*<br><br>Mga paksang pagtatalunan:<br>1. Nararapat bang gawing *legal* ang paggamit ng *marijuana*?<br>2. Aborsyon ba ang sagot sa pagbaba ng populasyon sa Pilipinas?<br>3. Sang-ayon ka ba sa pagpapatupad ng *SinTax* sa mga produktong alak at sigarilyo?<br>4. Dapat bang kitilin ang buhay ng isang taong naghihingalo na? |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Sumulat ng isang liham pasasalamat sa Diyos sa nag-iisang buhay na kaloob Niya. Ilahad ang iyong mga paraan upang mapanatili itong sagrado at makabuluhan. Isulat ito sa isang *colored paper* at idikit sa notbuk.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>Kraytirya:<br>● Nilalaman- 60%<br>● Organisasyon- 40% |

| | |
|---|---|
| F. Paglinang sa Kabihasahan(Tungo Sa *Formative Assessment)* | Tatawag ang guro ng limang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang nabuong liham pasasalamat sa Diyos.**(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Tumawag ng tatlong mag-aaral sa bawat katanungan at sagutin ang sumusunod: (**gawin sa loob ng 3 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>1. Batay sa isinagawang gawain, paano ninyo naipakita ang pagsasabuhay ng tunay na pagpapahalaga sa buhay na kaloob ng Diyos ?<br>2. Bilang isang mag-aaral, paano mo mapapanatili na banal at sagrado, makabuluhan at masaya ang iyong buhay? |
| H. Paglalahat sa aralin | Napatunayan na natin ang kasagraduhan ng buhay at ang tunay na halaga ng pag-iingat sa pagpili ng posisyon hinggil sa mga isyung moral. Itinuturing ang mga maling gawain na hindi paggalang sa kabanalan ng buhay dahil ito ay indikasyon ng kawalan ng pagkilala at pasasalamat sa kapangyarihan ng Diyos. Nararapat lamang na gamitin ang mapanuring isipan upang makabuo ng mabuti at tamang posisyon tungkol sa mga isyung moral sa buhay. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Sumulat ng isang *Position Paper* na maglalahad ng iyong sariling pananaw sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay. Sundin ang pormat sa ibaba.Gawing gabay ang rubriks sa pagsulat ng *Position Paper.* **(gawin sa loob ng 12 minuto)** *(Reflective/Constructivist Approach)*<br><br>Pormat<br>● *TitlePage*<br>● Panimula<br>● Mga Argumento sa Isyu<br>● Ang Sariling Posisyon sa Isyu |

- Konklusyon
- Sanggunian

| Kraytirya | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Pormat<br>• *TitlePage*<br>• Panimula<br>• Mga Argumento sa Isyu<br>• Ang Sariling Posisyon sa Isyu<br>• Konklusyon<br>• Sanggunian | Naipakita ang lahat ng mga elemento; lubos na mahusay ang organisasyon; maayos at lohikal ang daloy ng impormasyon. | Naipakita ang lahat ng mga elemento; mahusay ang organisasyon; at dumadaloy nang maayos ang mga impormasyon. | Ang lahat ng elemento ay naipakita; Di gaanong organisado at maayos ang daloy ng impormasyon. | Nawawala ang ilang elemento; Di gaanong organisado at maayos ang daloy ng impormasyon. | Nawawala ang mga elemento; Di gaanong organisado at walang tamang daloy ng impormasyon. |
| Kalidad ng Pagsulat | Tumpak ang kalidad ng pagsulat; mataas ang kalidad ng gawa | May kaunting pagkakamali ngunit hindi makaaapekto sa kalidad ng gawa | Kapansin-pansin ang pagkakamali, at ilang pagkakataon ay nakaaapekto sa daloy o kahulugan ng papel. | Regular na pagkakamali na nakaaapekto sa kahulugan ng papel. | Malimit na pagkakamali na nakaaapekto sa daloy at kahulugan ng papel; mababa ang kalidad ng gawa. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsusuri sa mga argumento | Nagpapakita ng masusing pagsusuri ng mga argumento; mataas ang antas ng paghahambing, pag-iiba at pagsusuri. | Mahusay ang pagsusuri ng mga argumento; nagpapakita ng mataas ang antas ng paghahambing, pag-iiba at pagsusuri. | Sapat ang pagsusuri ng mga argumento; katamtaman ang antas ng paghahambing, pag-iiba at pagsusuri. | Kulang ang pagsusuri ng mga argumento maging ang paghahambing, pag-iiba at pagsusuri. | Walang pagsusuri ng mga argumento; Kulang ang paghahambing, pag-iiba at pagsusuri. |
| Posisyon | Komprehensibo, may katuturan at tumpak ang pagpapaliwanag ng sariling posisyon. | May katuturan, tumpak, malinaw at mahusay ang pagpapaliwanag ng sariling posisyon. | Bahagyang mahina o may kakulangan sa pagpapaliwanag ng sariling posisyon. | Mahina at may kakulangan sa pagpapaliwanag ng sariling posisyon. | Hindi mabisa at kulang ang paliwanag sa sariling posisyon. |

| | |
|---|---|
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Magsaliksik at bigyan ng angkop na kahulugan ang seksuwalidad. |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| | |

| | |
|---|---|
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |


| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/ Antas | Grade 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |
| | **UNANG ARAW** | | | |
| **I. Layunin** | | | | |

| | |
|---|---|
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng malinaw na posisyon tungkol sa isang isyu sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad.<br>2. Naibabahagi ang saloobin sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad.<br>3. Nakagagawa ng isang akda na nagpapahayag ng mga totoong karanasang may kaugnayan sa isyu ng kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. **EsP10PI-IVe-14.1** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 14: Mga Isyung Moral Tungkol sa Seksuwalidad** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 166-168 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 280-283 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |

| | |
|---|---|
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong biswal at awditori: *LCD projector, laptop, speaker,video clip* at larawan mula sa *internet:*<br>www.youtube.comwatchv=MouBq<br>http://img09.deviantart.net/13ac/i/2012/063/7/4/lust_premarital_sex_5_by_sharmainenahine-d4rrd1y.jpg<br>http://www.chiangraitimes.com/wp-content/uploads/2011/11/Pregnant_students_allowed_to_continue_their_studies-topImage.jpg<br>https://cdn5.img.sputniknews.com/images/103828/85/1038288596.jpg<br>https://www.eyeartcollective.com/wp-content/uploads/2015/10/unnamed.jpg<br>http://www.icytales.com/wp-content/uploads/2015/11/172812_prostitution.jpg<br>http://prostitutionrecovery.org/wp-content/uploads/2015/03/damaging-prostitution.jpg<br>http://www.teach-nology.com/worksheets/graphic/graporg7.gif |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | A. Itanong sa mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan sa nakaraang aralin/modyul.<br>1. Ano-anong isyu sa buhay ang natalakay sa nakaraang aralin?<br>2. Magbigay ng maikling paliwanag at pananaw tungkol sa mga isyung ito.<br>B. Pasagutan ang Paunang Pagtataya para sa pagsisimula ng aralin.<br>**(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Reflective/Inquiry-Based Approach)*<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang pinakatamang sagot sa iyong notbuk.<br>1. Ang gawaing pagtatalik bago ang kasal ay isyung may kinalaman sa...<br>a. pang-aabusong seksuwal<br>b. *premarital sex*<br>c. pornograpiya<br>d. prostitusyon<br>2. Ang panseksuwal na kakayahang kaloob ng Diyos sa tao ay tumutugon sa mga layuning... |

| | |
|---|---|
| | a. magkaroon ng anak at magkaisa.<br>b. magkaisa at maipahayag ang pagnanasa.<br>c. makadama ng kasiyahan at magkaroon ng anak.<br>d. magkaroon ng trabaho at makadama ng kasiyahan.<br>3. Kailan masasabing ang paggamit sa seksuwalidad ng tao ay masama?<br>a. kapag ang paggamit ay nagdadala sa kasiyahan.<br>b. kapag ang paggamit nito ay nauuwi sa pang-aabuso.<br>c. kapag ang paggamit ay hindi nagdadala sa tunay na layunin ng seksuwalidad.<br>d. kapag ang paggamit ay nagdadala sa tao upang maging isang pakay o kasangkapan.<br>4. Alin sa sumusunod ang hindi tumutukoy sa mga isyung seksuwal?<br>a. Si Jessica ay araw-araw hinihipuan ng kanyang amain sa maseselang bahagi ng kanyang katawan.<br>b. Niyaya ni Noli ang matagal na niyang kasintahang si Malyn na magpakasal sapagkat gusto na nilang magtatag ng pamilya.<br>c. Dala ng kabataan at bugso ng damdamin, nagbunga ang isang gabing pagkalimot sa sarili ni Daisy at ng kanyang *boyfriend* na si Ariel.<br>d. Maganda ang hubog ng katawan ni Ann kaya nagpasya siyang magpaguhit nang nakahubad.<br>5. Alin sa sumusunod ang tamang pananaw sa pakikipagtalik?<br>a. Ang pakikipagtalik ay isang karapatang makaranas ng kasiyahan.<br>b. Ang pakikipagtalik ay kailangan ng tao upang maging malusog at mabuhay.<br>c. Ang pakikipagtalik ay tama kapag parehong may pagsang-ayon ang gagawa nito.<br>d. Ang pakikipagtalik ay ang pagsasakatawan ng pagmamahal na ipinapahayag ng mag-asawa sa bawat isa.<br>6. Ang isang lalaki o babae ay nagkakaroon ng kakayahang makibahagi sa pagiging manlilikha ng Diyos kapag tumuntong na sa edad ng pagdadalaga o pagbibinata *(puberty)*. Subalit kahit sila ay may kakayahang pisyolohikal na gamitin ito, hindi nangangahulugang maaari na silang makipagtalik at magkaroon ng anak. Hanggang wala sila sa wastong gulang at hindi pa |

| | |
|---|---|
| | nagpapakasal, hindi sila kailanman magkakaroon ng karapatang makipagtalik. Anong katotohanan ang ibinubuod ng pahayag na ito?<br>a. Maaari nang makipagtalik ang kabataang nagdadalaga at nagbibinata na.<br>b. Maaari nang magkaroon ng anak ang kabataang nagtatalik.<br>c. Ang mga taong may kakayahang pisyolohikal ay maaari nang makipagtalik.<br>d. Ang mga taong nasa wastong gulang at ipinagbuklod ng kasal ang maaari lamang na makipagtalik.<br>7. Nag-iisa sa bahay si Arlyn at dumating ang kanyang kasintahang si Jonel. Pinatuloy niya ito at sila'y nag-usap. Habang tumatagal ay nag-iba ang tema ng kanilang usapan. Naging agresibo si Jonel at sinimulan nitong halikan si Arlyn. Sabi pa ni Jonel, "tayo lang naman ang nandito." Kung ikaw si Arlyn, ano ang iyong gagawin?<br>a. Magagalit kay Jonel at ito ay paaalisin sa kanilang bahay.<br>b. Magpapakipot muna pero sasang-ayon din sa kagustuhan ni Jonel.<br>c. Kakausapin si Jonel at sasabihing pananagutan kung anuman ang mangyayari sa kanila.<br>d. Kakausapin si Jonel nang mahinahon at ipapaliwanag kung ano ang tama.<br>Para sa Bilang 8-10, suriin ang sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung nararapat o hindi ang pagpapasyang ginawa ng mga tauhan sa kuwento. Isulat ang <u>N</u> kung ito ay nararapat at <u>HN</u> hindi kung nararapat. Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>8. Si Wilson ay nakatira sa kanyang nanay at amain. Isang araw, pumasok ang kanyang amain sa kuwarto niya at nagpakita ng mga malalaswang litrato. Hindi mapakali si Wilson at hindi niya alam ang kanyang sasabihin. Sabi ng kanyang amain, "Halika rito, anong klaseng lalaki ka?" Kinuha ni Wilson ang babasahin at ito'y kanyang tiningnan at nagustuhan naman niya ito.<br>9. Hiniling ng isang kapitbahay ni Mela na kunan siya ng litrato na naka-*bikini*. Sinabi sa kanyang maaari itong ipagbili sa isang kompanya ng pagmomodelo at kumita ng malaking pera. Tumanggi si Mela at sinabing ang katawan niya ay hindi kailanman maaaring i-*display*.<br>10.Si Aileen ay 15 taong gulang at miyembro ng mahirap na pamilya. Wala na siyang interes na mag-aral mula ng paulit-ulit siyang pagsamantalahan ng kanyang amain. Nakilala niya si Merly |

| | |
|---|---|
| | at niyaya siya nitong mamuhay sa lansangan at magbenta ng aliw. Sumama siya rito at nagsabing lubog na rin naman siya sa putik kung kaya't marapat lang na ito ang kanyang gawin at kikita pa siya. |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak. | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>2. Naibabahagi ang saloobin sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad.<br>3. Nakagagawa ng isang akda na nagpapahayag ng mga totoong karanasan na may kaugnayan sa isyu ng kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad.<br><br>B. Papanoorin ang mga mag-aaral ng isang maikling *video* tungkol sa pag-unawa kung ano ang seksuwalidad (Seksuwalidad:*Short Presentation*) mula sa *Youtube.*<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>*www.youtube.comwatchv=MouBq*<br>C. Pagbabahagi ng mga mag-aaral ng saloobin tungkol sa napanood na *video*. |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Isulat ang sarili mong pagkaunawa sa salitang "Seksuwalidad". Ilagay sa bilog ang mga salitang maiuugnay rito. Gawin ito sa iyong notbuk. **(gawin sa loob ng 5 minuto)**<br>*(Constructivist/Reflective Approach)*<br>Pag-isipan Mo<br> |
| | |

| | |
|---|---|
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Humanap ng kapareha at pag-usapan ang mga isyung tungkol sa seksuwalidad, *premarital sex*, pornograpiya at prostitusyon ayon sa sariling pagkaunawa. Isulat sa notbuk ang kasagutan.<br>**(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Collaborative Approach)* |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Tumawag ng 3-5 mag-aaral upang magbahagi ng kanilang ginawang pagbibigay kahulugan at reaksyon sa nakaraang gawain.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Ipakikita ng guro ang mga larawang nagpapamalas ng mga isyung kaugnay ng seksuwalidad.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>  <br>  <br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang iyong naging damdamin mula sa mga mga larawang nakita?<br>2. Anong mahalagang katotohanan ang naiparating sa iyo ng mga larawan?<br>3. Ano kaya ang maaari mong gawin upang hindi maranasan at matulad sa mga taong nasa larawan? Bakit? |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay. | Sa inyong notbuk, gumawa ng isang sanaysay na nagpapakita ng pangyayari na nasangkot ka o ang sinumang iyong kakilala sa mga isyung kaugnay ng seksuwalidad. Ano ang maaari mong |

| | |
|---|---|
| | gawin upang maiwasan ito o hindi na muling maulit pa ito sa iyo. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| H. Paglalahat sa aralin | Ang seksuwalidad ay mga katangian o paglalarawan sa sarili na may kaugnayan sa ating kasarian bilang lalaki o babae at tumutugon sa kabuuan ng ating pagkatao.<br>Ang mga isyung kaugnay ng seksuwalidad ay:<br>1. *Premarital Sex* - pagtatalik ng magkaparehang wala pa sa tamang edad o hindi pa kasal.<br>2. Pornograpiya - malalaswang babasahin, larawan o *video.*<br>3. Prostitusyon - pakikipagtalik kapalit ng pera, bagay o pabor.<br>4. Pang-aabusong seksuwal - pag-abuso sa sariling katawan o katawan ng ibang tao, pagpapakita ng sariling kahubaran o pagtingin sa iba. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Bigyan ng maikling paliwanag ang sumusunod na salita.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach)*<br>1. seksuwalidad<br>2. pornograpiya<br>3. pang-aabusong seksuwal<br>4. prostitusyon<br>5. *premarital sex*<br>2 puntos – maayos na paliwanag ayon sa araling tinalakay.<br>1 punto – bahagyang lumayo sa kaisipang tinalakay.<br>0 – walang kaugnayan sa kaisipang tinalakay |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Gumawa ng maikling panayam sa isang taong nasangkot na sa alinmang isyung kaugnay ng paglabag sa seksuwalidad. Bigyang diin ang epekto nito sa mga taong kasangkot. |
| **IV. MgaTala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| | |

| | |
|---|---|
| A. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais | |

| | |
|---|---|
| kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo)** | Paaralan | | Baitang/ Antas | Grade 10 |
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng malinaw na posisyon tungkol sa isang isyu sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>2. Naisasabuhay ang mga kaalaman kung paano matutugunan ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>3. Nakabubuo ng *concept map* ukol sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad. **EsP10PI-IVe-14.2** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 14: Mga Isyung Moral Tungkol sa Seksuwalidad** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 169 |
| | |

| | |
|---|---|
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 287-297 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong biswal at awditori: *LCD projector, laptop, speaker, audio/video clip* mula sa www.youtube.comwatchv=o8gNlozJbE |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Pumili ng 2-3 mag-aaral na magbabahagi ng panayam. Basahin ang panayam na ginawa at ibahagi ito sa buong klase. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>2. Naisasabuhay ang mga kaalaman kung paano matutugunan ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>3. Nakabubuo ng *concept map* ukol sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>B. Iparinig ang isang *audio clip* tungkol sa paliwanag sa mga isyung paglabag sa dignidad at seksuwalidad. (Isyung Seksuwal) www.youtube.comwatchv=o8gNlozJbE<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach)* |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | |

| | |
|---|---|
| | Mula sa narinig na *audio clip*, iugnay ang mga napag-aralan sa *MAPEH* at magbigay ng sariling pananaw sa sumusunod na sitwasyon. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Integrative/Reflective Approach)*<br>1. *Nude art-Art*<br>2. *Teenage pregnancy-Health*<br>3. *Addiction-Health*<br>Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi. |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Suriin ang sumusunod na pahayag. Pag-usapan sa klase kung ikaw ay sang-ayon o hindi sa mga pahayag na nabanggit batay sa konseptong napapaloob sa aralin. Magbigay ng dahilan o paliwanag kung bakit sang-ayon o hindi sang-ayon sa pahayag.<br>**(gawin sa loob ng 15 minuto)** (*Reflective Approach)* |

| Pahayag | Sang-ayon o Hindi sang-ayon | Paliwanag o Dahilan |
|---|---|---|
| 1. Ang pakikipagtalik ay normal para sa kabataang nagmamahalan. | | |
| 2. Ang pagtatalik ng magkasintahan ay kailangan upang makaranas ng kasiyahan. | | |
| 3. Tama lang na maghubad kung ito ay para sa sining. | | |
| 4. Ang pagtingin sa mga malalaswang babasahin o larawan ay walang epekto sa ikabubuti at ikasasama ng tao. | | |
| 5. Ang tao na nagiging kasangkapan ng pornograpiya ay nagiging isang bagay na may mababang pagpapahalaga. | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>6. Ang pang-aabusong seksuwal ay taliwas sa tunay na esensiya ng seksuwalidad.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>7. Ang paggamit ng ating katawan para sa seksuwal na gawain ay mabuti ngunit maaari lamang gawin ng mga taong pinagbuklod ng kasal.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>8. Ang pagbebenta ng sarili ay tama kung may mabigat na pangangailangan sa pera.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>9. Ang pagkalulong sa prostitusyon ay nakaaapekto sa dignidad ng tao.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>10. Wala namang nawawala sa isang babae na nagpapakita ng kanyang hubad na sarili sa internet. Nakikita lang naman ito at hindi nahahawakan.</td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>
1. Tama kaya ang naging kasagutan mo? Pangatuwiranan.<br>
2. Ano ang naging batayan mo sa pagsang-ayon o hindi sa mga pahayag na nabanggit?
</td>
</tr>
<tr>
<td>E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2</td>
<td>
Pangkatin ang klase sa apat. Bigyan ng paksa ang bawat pangkat. Basahin ang sanaysay, isulat sa metacard at iulat sa klase ang mahahalagang kahulugan, paliwanag at kaisipang inyong binasa. (gawin sa loob ng 10 minuto) (Collaborative/Constructivist Approach)<br><br>
Ayon sa isang survey na ikinomisyon ng National Secretariat for Youth Apostolate (NSYA), ang kabataang Pilipino ngayon ay patuloy na nakikibaka sa mga isyung may kinalaman sa seks at seksuwalidad. Kabilang sa mga ito ay pakikipagtalik nang hindi kasal (premarital sex), pornograpiya, pang-aabusong seksuwal at prostitusyon. Isa-isahin nating
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | tingnan ang mga isyung ito, ang mga dahilan kung bakit nangyayari ang mga ito at mga nagtutunggaliang pananaw kung tama o mali ang mga ito.<br><br>A. Pagtatalik bago ang kasal (*Premarital sex*)<br>Ang isang lalaki o babae ay nagkakaroon ng kakayahang makibahagi sa pagiging manlilikha ng Diyos kapag tumuntong na siya sa edad ng pagdadalaga o pagbibinata *(puberty)*. Subalit kahit siya ay may kakayahang pisyolohikal na gamitin ito, hindi nangangahulugang maaari na siyang makipagtalik at magkaroon ng anak. Hanggang wala siya sa wastong gulang at hindi pa nagpapakasal, hindi siya kailanman magkakaroon ng karapatang makipagtalik.<br>Ano ba ang *premarital sex*? Ito ay gawaing pagtatalik ng isang babae at lalaki na wala pa sa wastong edad o nasa edad na subalit hindi pa kasal.<br>Ang pakikipagtalik ay hindi pangangailangang biyolohikal tulad ng pagkain at hangin na ating hinihinga. Hindi kinakailangan ng tao ang makipagtalik upang mabuhay sa mundong ito. Ang pananaw na kailangan ang pagtatalik upang mabuhay ay isang mahinang pagkilala sa pagkatao ng tao dahil ipinagwawalang-bahala niya ang kakayahan ng taong ipahayag ang kanyang tunay na pagkatao. Mayroon o walang pagtatalik, mananatiling buhay ang tao. Maraming mga taong nagpasyang mabuhay nang walang asawa tulad ng mga pari, mga madre at mga kasapi ng *3rd orders,* ang patuloy na nabubuhay nang maayos, malusog at masaya. Samakatuwid, ang seksuwal na pakikipagrelasyon lalo't hindi pa kasal ang lalaki at babae ay hindi kailanman pangunahing pangangailangan ng tao. Ang pakikipagtalik nang hindi kasal ay nagpapawalang-galang at nagpapababa sa dignidad at integridad ng pagkatao ng mga kasangkot dito. Hindi nagiging kapaki-pakinabang ang pagtatalik sa pagtungo sa kaganapan ng buhay na isa sa mga halaga ng seksuwalidad.<br>Sa puntong malaya ang taong magpasya kung gusto niyang makipagtalik o hindi, balikan natin ang inyong napag-aralan noong unang markahan tungkol sa kalayaan. Bilang tao, tayo ay malaya. Ngunit ang ating kalayaan ay hindi nangangahulugang malaya tayong piliin kung ano ang gusto nating gawin. Ang ating kalayaan ay mapanagutan, malaya tayong pumili ngunit nararapat na ang pipiliin ay kung ano ang mabuti at tama. Ang paggamit ng |

| | |
|---|---|
| | ating mga kakayahang seksuwal ay mabuti ngunit maaari lamang gawin ang pakikipagtalik ng mga taong pinagbuklod ng kasal. Mahalaga ang sapat na kamalayan at maingat na paghuhusga bago gamitin ang mga kakayahang ito. Ang pakikipagtalik at paggamit ng ating mga kakayahang sekswal ay mabuti sapagkat ito ay kaloob sa atin ng Diyos. Ito ay isang regalo o banal na kaloob ngunit maaari lamang gawin ng mga taong pinagbuklod ng kasal.<br>Ang tunay na pagmamahal na isinasakatawan sa pagtatalik ay bukas sa katotohanang dapat itong humantong sa pagbubuo ng pamilya. Kung kaya, bago ito gawin ng lalaki at babaeng nagmamahalan, kinakailangang ito'y binasbasan ng kasal. Sa konteksto ng pagbubuklod ng isang babae at isang lalaki, sila ay nangangakong magkaisa at maging mapanlikha, magkaroon ng anak at bumuo ng pamilya.<br>Dagdag pa rito, ang kabataang nagsasagawa ng *premarital sex* ay hindi pa handa sa mga maaaring maging bunga nito sa kanilang buhay. Hindi pa sila ganoon katatag upang harapin ang responsibilad na kaakibat ng pag-aasawa at pagkakaroon ng anak. Ang kabataan ay nasa panahong nagbubuo pa lamang ng kanilang sarili upang maging ganap at responsableng tao. Kung kaya hindi pa sila napapanahong magkaroon ng anak na mangyayari iyon kapag nakipagtalik sila ng wala pa sa hustong gulang at hindi pa kasal.<br><br>B. Pornograpiya<br>Ang pornograpiya ay nanggaling sa dalawang salitang Griyego, *porne* na may kahulugang *prostitute* o taong nagbebenta ng panandaliang aliw at *graphos* na nangangahulugang pagsulat o paglalarawan. Samakatuwid, ang pornograpiya ay mga mahahalay na paglalarawan (babasahin, larawan o palabas) na may layuning pukawin ang seksuwal na pagnanasa ng nanonood o nagbabasa.<br><br>Balikan natin ang mga epekto ng pornograpiya sa isang tao. Ito ay ang sumusunod:<br>1. Ang maagang pagkahumaling sa pornograpiya ay nagkakaroon ng kaugnayan sa pakikibahagi ng tao o paggawa ng mga *abnormal* na gawaing seksuwal, lalong-lalo na ang panghahalay. |

2. May mga kalalakihan at kababaihan ding dahil sa pagkasugapa sa pornograpiya ay nahihirapang magkaroon ng malusog na pakikipag-ugnayan sa kanilang asawa. Nakararanas sila ng seksuwal na kasiyahan sa panonood at pagbabasa ng pornograpiya at pang-aabuso sa sarili at hindi sa normal na pakikipagtalik.
3. Ito rin ay ginagamit ng mga *pedophiles* sa *internet* upang makuha ang kanilang mga bibiktimahin.

Ang mga mahahalay na eksenang ipinakikita ng pornograpiya ay pumupukaw ng mga damdaming seksuwal ng kabataang wala pang kahandaan para rito. Nagdudulot ito nang labis na pagkalito sa kanilang murang edad.

Ano ba ang masama sa pornograpiya? Dahil sa pornograpiya, ang tao ay maaaring mag-iba ng asal. Ang mga seksuwal na damdaming ipinagkaloob ng Diyos sa tao na maganda at mabuti ay nagiging makamundo at mapagnasa. Ayon kay Immanuel Kant, nauuwi sa kawalang-dangal o nagpapababa sa kalikasan ng tao ang mga makamundong pagnanasa. Kapag ang tao ay nagiging kasangkapan sa seksuwal na pangangailangan at pagkahumaling, lahat ng mabuting layunin sa pakikipagkapwa ay maaaring hindi na makamit. Ang taong nagiging kasangkapan ng mga pagnanasa ay hindi na nagpapakatao; bagkus, trinatrato ang sarili o ang kapwa bilang isang bagay o kasangkapan. Sa ganitong paraan, ibinababa ng tao ang pagkatao o ang kanyang dignidad bilang tao. Hindi rin naisasagawa ang pagbibigay ng preperensiya sa kabutihan.

Isang pananaw tungkol sa pornograpiya na lumalaganap ngayon ay ang pagtingin dito bilang isang sining. Ang sining ay nagpapahayag ng kagandahan at ang pagkaranas ng kagandahan ay nakapagbibigay ng kasiyahan, pagkalugod at pagtanggap sa isang magandang nagawa. Ito rin ay humihikayat na makalinang ng mga kilos at kalooban patungo sa kung anong ipinapakahulugan sa ipinakikita. Isang halimbawa nito ay ang estatwa ng *oblation* na nasa bungad ng Pamantasan ng Pilipinas sa Diliman. Ang estatwang hubad ay sumisimbolo sa ganap na pag-aalay ng sarili sa Diyos, hindi nagsasaalang-alang sa anupamang mga bagay at kahubarang nagnanais na mabihisan ng

| | |
|---|---|
| | kaalaman. Ilan pang halimbawa ng sining na nagpapakita ng kahubaran ay ang estatwa ni Venus de Milo at ni Haring David na pawang mga nilikha ni Michaelangelo. Maaari kaya natin itong uriin bilang halimbawa ng pornograpiya? Dapat nating tandaan na hindi lahat ng hubad na larawan ay halimbawa ng pornograpiya.<br>Ang pornograpiya ay nagpapakita ng mga larawang hubad o mga kilos seksuwal na kadalasan ay *suggestive* at *provocative*. Hinihikayat nito ang taong tumitingin na mag-isip ng masama at magkaroon ng hindi magandang pagtingin sa katawan ng taong nasa larawan. Ang anggulo ng isang babae na nasa mga babasahin, kalendaryo, patalastas at mga pelikula ay nagpapakita ng inklinasyon sa seks. Sabi nga, ang mga larawan ay "hindi na nagtitira sa imahinasyon." Ang katawang sagrado, gayundin ang mga gawaing angkop lang na makita, madama at maipahayag ng mga mag-asawa ay lubusang ipinapakita. Nawawala na ang *propriety* at *decency* na dapat sana ay kaakibat ng makabuluhang pagtingin sa katawan ng tao. Dahil dito, ang mga larawang hubo't hubad, gayundin ang pagpapakita ng aktong seksuwal ay nagiging daan upang ang taong nahuhumaling dito ay magnasa at pairalin ang kanyang mga makamundong damdamin. Ilan sa mga maaari niyang maisip ay ang pagsasakatuparan ng mga isiping tumutugon sa seksuwal na maaaring mauwi sa pang-aabuso, panghahalay at sa iba pang epektong nabanggit na. Ito ang mga dahilan kung bakit hindi dapat ituring na sining ang pornograpiya.<br><br>C. Mga Pang-aabusong Seksuwal<br>Walang pangkalahatang pagpapakahulugan ang maaaring ibigay sa pang-aabusong seksuwal. Sa gitna ng mga pang-aabusong ito, ang nangingibabaw na posisyon ay ang pang-aabuso ay isinasagawa ng isang nakatatanda na siyang pumupuwersa sa isang nakababata upang gawin ang isang gawaing seksuwal. Ang pang-aabusong seksuwal ay maaaring paglalaro sa maseselang bahagi ng sariling katawan o katawan ng iba, paggamit ng ibang bahagi ng katawan para sa seksuwal na gawain at *sexual harassment*. Maaari rin itong hindi pisikal tulad ng paglalantad ng sarili na gumagawa ng seksuwal na gawain at pagkakaroon ng kaligayahang seksuwal sa pamamagitan ng pagtingin sa mga hubad na katawan, seksuwal na pag-aari o kaya'y panonood ng pagtatalik na isinasagawa ng iba. |

| | |
|---|---|
| | Karamihan sa mga nagiging biktima ng pang-aabusong seksuwal ay ang mga bata o kabataang may mahihinang kalooban, madaling madala, may kapusukan at kadalasan, iyong mga nabibilang sa mahihirap at pamilyang hiwalay ang mga magulang. Sa gitna ng kanilang pagiging mahina, pumapasok ang mga taong nagsasamantala, tulad ng mga *pedophile* na tumutulong sa mga batang may mahinang kalooban subalit ang layunin pala ay maisakatuparan ang pagnanasa. Dagdag pa rito, may mga magulang din na sila mismo ang nanghihikayat sa kanilang mga anak na gawin ito upang magkapera. Ilan sa mga ito ay sila mismo ang umaabuso sa kanilang mga anak.<br>Ang mga kadahilanan ng mga taong nagsasagawa ng mga pang-aabusong seksuwal na ating binanggit ay taliwas sa tunay na esensiya ng seksuwalidad. Ang gawaing paglalaro ng sariling pag-aari at ng kapwa, panonood ng mga gawaing seksuwal, pagpapakita ng ginagawang paglalaro sa sariling ari at paghihikayat sa mga bata na makipagtalik o mapagsamantalahan ay maituturing na pang-aabusong seksuwal. Hindi nito ipinapahayag ang tunay na mithiin ng seksuwalidad. Ang paggamit ng kasarian ay para lamang sa pagtatalik ng mag-asawa na naglalayong ipadama ang pagmamahal at bukas sa tunguhing magkaroon ng anak upang bumuo ng pamilya. Ito ang esensiya ng seksuwalidad.<br><br>D. Prostitusyon<br>Ang prostitusyon na sinasabing siyang pinakamatandang propesyon o gawain ay ang pagbibigay ng panandaliang-aliw kapalit ng pera. Dito, binabayaran ang pakikipagtalik upang ang taong umupa ay makadama ng kasiyahang seksuwal. Ayon sa mga pag-aaral, karamihan sa mga taong nasasangkot sa ganitong gawain ay iyong mga nakararanas ng hirap, hindi nakapag-aral at walang muwang kung kaya't madali silang makontrol. Mayroon din namang may maayos na pamumuhay, nakapag-aral ngunit marahil ay naabuso noong bata pa. Dahil dito nawala ang kanilang paggalang sa sarili at tamang pagkilala kung kaya't minabuti na lang nilang ipagpatuloy ang kanilang masamang karanasan. Dahil nasanay na, hindi na nila magawang tumanggi kung kaya't naging tuloy-tuloy na ang kanilang pagpagamit sa masamang gawaing ito. |

| | |
|---|---|
| | Masama o mali nga ba ang prostitusyon? Ayon sa mga peminista, marapat lamang ang prostitusyon sapagkat ito ay nakapagbibigay ng gawain sa mga taong walang trabaho lalo na sa mga kababaihan. Ang pagbebenta ng sarili ng isang *prostitute* ay maihahalintulad sa isang manunulat na ibenebenta ang kanyang isip sa pamamagitan ng pagsusulat. Bukod pa rito, kapag ang prostitusyon daw ay isinagawa ng isang tao na may pagkagusto o konsento, maaaring sabihin na hindi ito masama. Ito ay sa kadahilanang alam niya ang kanyang ginagawa at nagpasya siya na ibigay ang kanyang sarili sa pakikipagtalik kapalit ng pera o halaga.<br>Gaya ng nabanggit sa itaas, ang pakikipagtalik na may kapalit na halaga o ang prostitusyon ay isang pang-aabusong seksuwal na nakapagpapababa sa pagkatao ng taong sangkot dito. Sa paanong paraan napabababa ng prostitusyon ang dignidad ng tao? Una ang mga taong sangkot dito, ang bumibili at nagpapabili ng aliw, ay nawawalan ng paggalang sa pagkatao ng tao. Naituturing ang taong gumagawa nito (na kadalasan ay babae), na isang bagay lamang kung tratuhin at hindi napakikitaan ng halaga bilang isang tao. Mapagsamantala ang prostitusyon. Sinasamantala ng mga taong bumibili ang kahinaan ng babae o lalaking sangkot dito. Nagsisilbi ang babae o lalaki sa pamamagitan ng paggamit sa kanila bilang isang kasangkapan na magbibigay ng kasiyahang seksuwal. Sinasamantala naman ng tagapamagitan ang babae o lalaking sangkot sa pamamagitan ng hindi pagbabayad o panloloko rito. Ito ang mga dahilan kung kaya't ang prostitusyon ay nagiging pugad ng pamumuwersa at pananamantala.<br>Sa prostitusyon, naaabuso ng tao ang kaloob na handog ng Diyos na seksuwalidad. Isa sa mga halaga ng seksuwalidad ay ang pagkakaranas ng kasiyahang seksuwal mula sa pakikipagtalik sa taong pinakasalan. Nakararanas ng kasiyahan ang taong nasasangkot sa prostitusyon ngunit hindi ito angkop sa tunay na layunin ng pakikipagtalik. Sa prostitusyon, ang kaligayahan ay nadarama at ipinadarama dahil sa perang ibinabayad at tinatanggap. Mahalagang maunawaan na ang pakikipagtalik ay hindi lamang para makadama ng kasiyahang sensuwal. Hindi ito isang paraan para makadama ng kaligayahan, kundi ito ay isang paraan na naglalayong pag-isahin ang isang babae at lalaki sa diwa ng pagmamahal. |

| | |
|---|---|
| | Ang konsento o pagsang-ayon na ipinapahayag ng taong nagbebenta ng kanyang sarili ay hindi nagpapabuti sa kanyang kilos. Malaya ang tao na gumawa ng pasya na sumailalim sa prostitusyon, ngunit makabubuti kaya ito sa kanya? Maaaring gamitin ng tao ang kanyang kalayaan bilang dahilan sa pagpasok sa prostitusyon, ngunit laging tandaan na ang kalayaan ay may kaakibat na pananagutan sa paggawa ng mabuti. |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Pangkatin ang klase sa lima. Bigyan ang bawat pangkat ng *Manila paper*. Gamit ang *Manila paper,* paguhitin ng *concept map* tungkol sa mga kahulugan, kaisipan/pananaw, mabuti at masamang epekto ng mga isyu tungkol sa seksuwalidad. Ididikit ang ginawang *metacards* sa inyong *concept map.* Pumili ng tagapag-ulat. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Constructivist/Collaborative Approach)* |

*Rubrics* para sa Pag-uulat Gamit ang *Concept Map*

| **Kraytirya** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Paghinuha ng batayang konsepto | Nahinuha ang batayang konsepto nang hindi ginagabayan ng guro. | Nahinuha ang batayang konsepto ng may kaunting paggabay ng guro. | Nahinuha ang batayang konsepto ngunit kailangan ng labis na paggabay ng guro. | Nahinuha ang batayang konsepto sa paggabay ng guro sa kabuuan nito. |
| Pagpapaliwanag ng konsepto | Malinaw na naipaliwanag | Mayroong isang konsepto na hindi malinaw na | Mayroong dalawang | May tatlo o higit pang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ang lahat ng mahahalagang konsepto. | naipaliwanag. | konsepto na hindi naipaliwanag. | konsepto na hindi naipaliwanag. |
| | Paggamit ng *concept map* | Nakalikha ng sariling *concept map* na ginamit upang maibigay o maibahagi ang batayang konsepto. | Ginamit ang *concept map* na nasa modyul at maayos na naibigay ang batayang konsepto gamit ito. | Nakalikha ng sariling *concept map* ngunit hindi malinaw na naibigay o naibahagi ang batayang konsepto gamit ito. | Ginamit ang *concept map* na nasa modyul ngunit hindi malinaw na naibigay o naibahagi ang batayang konsepto gamit ito. |

| | |
|---|---|
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Batay sa ginawang panayam, sumulat sa notbuk ng mga plano o hakbang na maaaring makatulong sa sitwasyon ng nakapanayam sa nakaraang takdang aralin. Halimbawa, prostitusyon, *teenage pregnancy* at iba pa. Ibahagi sa klase ang ginawang mga hakbang. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Constructivist Approach)* |
| H. Paglalahat sa aralin | Mahalagang maunawaan na ang pakikipagtalik ay hindi lamang para makadama ng kaligayahang sensuwal, kundi ito ay isang paraan na naglalayong pag-isahin ang isang babae at lalaki sa diwa ng pagmamahal. Ang mga seksuwal na kakayahan ng tao ay tumutukoy sa dalawang layuning maaari lamang gawin ng isang babae at lalaki na pinagbuklod ng kasal:<br>a. ang magkaroon ng anak (*procreative*) |





| | |
|---|---|
| | b. at mapag-isa. (*unitive*)<br>Ang paggamit ng kasarian ay para lamang sa pagtatalik ng mag-asawang naglalayong maipadama ang pagmamahal at magkaroon ng anak upang bumuo ng pamilya. Ito ang esensya ng seksuwalidad. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Suriin ang sumusunod na paglabag sa seksuwalidad. Isulat ang maaaring Sanhi at Bunga nito. (Dalawang puntos bawat paglabag na bibigyan ng sanhi at bunga.)<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Sa inyong notbuk, ipaliwanag ang inyong pananaw sa isyu ng pagpapakasal ng dalawang taong may parehong kasarian.(*same sex marriage)* |
| **IV. MgaTala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |

| Paglabag sa Seksuwalidad | Sanhi | Bunga |
|---|---|---|
| 1. *teenage pregnancy* | | |
| 2. pornograpiya | | |
| 3. pang-aabusong seksuwal | | |
| 4. pagkasadlak sa prostitusyon | | |
| 5. *premarital sex* | | |

| | |
|---|---|
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo** | Paaralan | | Baitang/ Antas | Grade 10 |
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |
| | **IKATLONG ARAW** | | | |
| **I. Layunin** | | | | |

| | |
|---|---|
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng malinaw na posisyon tungkol sa isang isyu sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Napangangatuwiranan na makatutulong sa pagkakaroon ng posisyon tungkol sa kahalagahan ng paggalang sa pagkatao ng tao at sa tunay na layunin nito ang kaalaman sa mga isyung may kinalaman sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad ng tao.<br>2. Napatutunayan ang batayang konsepto ng aralin.<br>3. Nakabubuo ng *graphic organizer* tungkol sa batayang konsepto ng aralin.<br>**EsP10PI-IVf-14.3** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 14: Mga Isyung Moral Tungkol sa Seksuwalidad** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 170 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 297-299 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal at Awditori: *LCD projector, laptop, speaker/lapel*, Mga larawan na nagpapamalas ng mga isyung tungkol sa seksuwalidad |

| | |
|---|---|
| | https://s3.amazonaws.com/atlas-production.goalbookapp.com/resource-e36ddd13-56c3-49c9-68fa-827812af0b2c/03_Concept_Mapping_Extended_Web_Blank-1.png<br>https://s3.amazonaws.com/atlas-production.goalbookapp.com/resource-b1a68b06-316e-423f-5cf4-25045a7bb49a/14_Problem_Solution_Organizer_Blank-1.png<br>https://printables.scholastic.com/content/stores/printables/media/26/9780545449526-003_p03_428x473.jpg |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano-ano ang mga isyung kaugnay sa seksuwalidad, ibigay ang kahulugan nito.<br>2. Ibigay ang iyong pananaw sa mga isyung ito. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak. | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin:<br>1. Napangangatuwiranan na makatutulong sa pagkakaroon ng posisyon tungkol sa kahalagahan ng paggalang sa pagkatao ng tao at sa tunay na layunin nito ang kaalaman sa mga isyung may kinalaman sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad ng tao.<br>2. Napatutunayan ang batayang konsepto ng aralin.<br>3. Nakabubuo ng *graphic organizer* tungkol sa batayang konsepto ng aralin.<br><br>B. Ipakikita ng guro ang mga halimbawa ng mga *graphic organizers* na nagpapamalas ng pagkakaugnay-ugnay ng mga batayang konsepto tungkol sa iba't ibang usapin o paksa. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>       |

| | |
|---|---|
| | 1. Tukuyin kung ano ang pangunahing paksa/usaping ipinapamalas sa bawat *graphic organizer.*<br>2. Subuking magdagdag ng iba pang kaugnay na mga salita tungkol sa pangunahing paksa.<br>3. Ano para sa iyo ang ibig sabihin ng mga salitang "batayang konsepto"? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magkaroon ng *brainstorming* tungkol sa sumusunod na katanungan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach)*<br><br>1. Ano ang mga maling pananaw ng kabataan sa isyung seksuwalidad na kinakaharap nila?<br>2. Ano-ano ang mga katotohanan ukol sa dignidad ng tao na nababalewala sa mga isyung tungkol sa seksuwalidad? Pangatuwiranan. |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Gamit ang nakahandang *graphic organizers* na ipinakita ng guro, isulat ang kasagutan sa mga tanong na pinag-usapan ng pangkat. Pumili ng mag-uulat sa unahan ng klase. Gamitin ang *rubric* sa ibaba sa pagmamarka ng mga gagawing *graphic organizers.* **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Constructivist Approach)* |

*Rubric* para sa Pagpapaliwanag ng Batayang Konsepto Gamit ang *Graphic Organizer*

| Kraytirya | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Paghinuha ng batayang konsepto | Nahinuha ang batayang konsepto nang hindi | Nahinuha ang batayang konsepto ng may kaunting | Nahinuha ang batayang konsepto ngunit kailangan ng | Nahinuha ang batayang konsepto sa paggabay ng |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ginagabayan ng guro. | paggabay ng guro. | labis na paggabay ng guro. | guro sa kabuuan nito. |
| | Pagpapaliwanag ng konsepto | Malinaw na naipaliwanag ang lahat ng mahahalagang konsepto. | Mayroong isang konsepto na hindi malinaw na naipaliwanag. | Mayroong dalawang konsepto na hindi naipaliwanag. | May tatlo o higit pang konsepto na hindi naipaliwanag. |
| | Paggamit ng *graphic organizer* | Nakalikha ng sariling *graphic organizer* na ginamit upang maibigay o maibahagi ang batayang konsepto. | Ginamit ang *graphic organizer* na nasa modyul at maayos na naibigay ang batayang konsepto gamit ito. | Nakalikha ng sariling *graphic organizer* ngunit hindi malinaw na naibigay o naibahagi ang batayang konsepto gamit ito. | Ginamit ang *graphic organizer* na nasa modyul ngunit hindi malinaw na naibigay o naibahagi ang batayang konsepto gamit ito. |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Sa inyong notbuk, isulat nang malinaw ang iyong pagkaunawa sa lahat ng batayang konsepto tungkol sa mga isyu ng seksuwalidad. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective/Constructivist Approach)* | | | | |
| | | | | | |

<table>
<tr><td>F. Paglinang sa<br>Kabihasahan<br>(Tungo sa Formative Assessment)</td><td>Gumawa ng talaan ng mga isyu tungkol sa seksuwalidad. Lagyan ng maikling paliwanag ang bawat isyu ayon sa magkasalungat na pananaw ng mga taong gumagawa at di-gumagawa ng mga ito. (gawin sa loob ng 10 minuto) (Reflective and Constructivist Approach)
<table>
<tr><th>Isyu Tungkol sa Seksuwalidad</th><th>Pananaw ng mga taong gumagawa nito</th><th>Pananaw ng mga taong hindi gumagawa nito</th></tr>
<tr><td>1. Premarital Sex</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Pornograpiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Prostitusyon</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Pang-aabusong seksuwal</td><td></td><td></td></tr>
</table></td></tr>
<tr><td>G. Paglalapat sa aralin sa<br>pang-araw-araw na buhay</td><td>Sagutin ang sumusunod na katanungan. (gawin sa loob ng 5 minuto) (Reflective Approach)<br>1. Bakit kailangan ko ng malawak na pang-unawa sa mga isyung may kinalaman sa seksuwalidad?<br>2. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?</td></tr>
<tr><td>H. Paglalahat sa<br>aralin</td><td>Ang batayang konsepto ay ang pangunahing kaisipan na ipinahahayag sa isang usapin o paksa. Maaaring may mga magkakasalungat na kaisipan tungkol sa isang paksa subalit mainam na pagnilayan kung ano nga ba ang mas nakabubuti at nakatutugon sa mabuting kilos na naaayon sa pagpapakatao.</td></tr>
<tr><td>I. Pagtataya ng Aralin</td><td>Sagutin ang sumusunod na katanungan. (gawin sa loob ng 5 minuto) (Reflective Approach)<br>1. Ano ang batayang konsepto?<br>2. Magbigay ng isang konsepto tungkol sa isyu ng seksuwalidad. Ipaliwanag ito.<br>5 puntos – mahusay na naipaliwanag ang batayang konsepto na napag-aralan.<br>3-4 puntos – bahagyang naipaliwanag ang batayang konsepto.</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | 1-2 puntos – hindi naipaliwanag ang batayang konsepto. |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Hatiin ang klase sa limang pangkat. Pumili ng isang isyu tungkol sa seksuwalidad. Maghanda ng isang maikling dula-dulaan (3-5 minuto) tungkol sa posisyon ninyo sa nabanggit na isyu. Kailangang hindi magkakatulad ng isyu ang bawat grupo. Humanda sa presentasyon. |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| | |

| | |
|---|---|
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **DAILY LESSON LOG** | Paaralan | | Baitang/ Antas | Grade 10 |

| (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
|---|---|---|---|---|
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKAAPAT NA ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng malinaw na posisyon tungkol sa isang isyu sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seksuwalidad. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Nakagagawa ng malinaw na posisyon tungkol sa isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>2. Naisasabuhay ang mga posisyon tungkol sa isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad sa pamamagitan ng maingat na pagplaplano ng kinabukasan.<br>3. Napangangatuwiranan ang mga posisyon tungkol sa isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad. **EsP10PI-IVf-14.4** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 14: Mga Isyung Moral Tungkol sa Seksuwalidad** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 173 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM p.* 285-300 |
| | |

| | |
|---|---|
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop, speaker/lapel,* Mga larawan na nagpapamalas ng mga isyung tungkol sa seksuwalidad<br>http://www.pinaytorjack.com<br>http://www.thehindu.com/multimedia/dynamic/00021/CHILDREN_21091f.jpg<br>http://img09.deviantart.net/13ac/i/2012/063/7/4/lust_premarital_sex_5_by_sharmainenahine-d4rrd1y.jpg |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Sagutin ang sumusunod na katanungan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)**<br>*(Reflective Approach)*<br>1. Ano ang Batayang Konsepto na ating napag-aralan?<br>2. Ano ang iyong pananaw sa mga isyung ating natalakay? |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak. | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Nakagagawa ng malinaw na posisyon tungkol sa isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad.<br>2. Naisasabuhay ang mga posisyon tungkol sa isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad sa pamamagitan ng maingat na pagpaplano ng kinabukasan.<br>3. Napangangatwiranan ang mga posisyon tungkol sa isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad<br>B. Ipakikita ng guro ang mga larawang nagpapamalas ng iba't ibang sitwasyon na maaaring humantong sa isyu tungkol sa seksuwalidad. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


Ano ang gagawin mo kung ikaw ang nasa larawan? Ipaliwanag ang iyong posisyon/paninindigan sa ganoong sitwasyon.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach)*
</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin</td>
<td>
Punan o sagutin ang mga hanay at tanong na nakapaloob sa gawaing nasa ibaba. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach)*

Planuhin Mo ang Iyong Kinabukasan<br>
1. Ano ang ninanais mong makamit o layunin sa sumusunod na aspekto ng buhay?<br>
a. Edukasyon ________________________________________________<br>
b. Kasal ___________________________________________________<br>
c. Anak ___________________________________________________<br>
d. Libangan ________________________________________________<br>
e. Pagrereitiro _____________________________________________<br>
f. Iba pang Aspekto ng Buhay _________________________________<br>
2. Sa gulang na 30, alin sa mga aspekto/layuning ito ang sa palagay mo ay nakamit mo na?<br>
3. Sa gulang na 40, alin sa mga aspekto/layuning ito ang sa palagay mo ay nakamit mo na?<br>
4. Sa iyong buhay ngayon, ano kaya ang maaari mong gawin upang makatiyak na ang iyong
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | mga layunin ay makamit o maisakatuparan?<br>5. Ano kayang pagbabago ang maaaring mangyari sa mga plano mo sa buhay kung ikaw ay mabuntis? Maging batang ama o ina? Masangkot sa prostitusyon at iba pa? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Bumuo ng maliit na grupong binubuo ng 3-5 mag-aaral. Basahin ang sitwasyon sa ibaba, pag-usapan at ibahagi ang kasagutan ng bawat grupo. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br><br>Si Bing ay labis na nag-aalala sa kanyang matalik na kaibigang si Clarissa. Wala silang lihim na itinatago sa isa't isa. Matapos ang tatlong araw na pagliban sa klase, nakita ni Bing si Clarissa na umiiyak. Niyaya ni Bing si Clarissa sa kantina ng paaralan upang mag-usap.Hinayaan lang ni Bing na magsalita si Clarissa. Sabi ni Clarissa, hindi niya nagugustuhan ngayon ang kanyang hitsura at hindi siya maunawaan ng kanyang ina ngayon. Naiisip ni Clarissa na maglayas. Nararamdaman ni Bing na may mas mabigat pang dahilan kung bakit ganoon si Clarissa.<br>Inamin ni Clarissa na hindi na siya masaya sa kanilang bahay. Dagdag pa niya, sa mga nagdaang buwan ay pinagsasabihan siya ng nobyo ng kanyang ina ng malalaswang salita at marami na ring beses na hinihipuan siya nito. Natatakot siyang sa mga susunod ay mas malala pa ang gawin nito sa kanya.<br>Nararamdaman na ni Clarissa na siya ay unti-unting naaabuso ng nobyo ng kanyang ina ngunit siya ay natatakot na sabihin ito sa kanyang ina. Hinikayat siya ni Bing na gawin ang pagsabi sa kanyang ina ng mga nararamdaman. Di nagtagal, nagkasarilinan ang mag-ina at sinabi ni Clarissa ang kanyang mga naranasan sa nobyo nito. Subalit sinabi ng ina ni Clarissa na binibiro lang siya ng nobyo nito kaya huwag niyang masyadong seryosohin.<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano sa tingin ninyo ang dapat gawin ngayon ni Clarissa?<br>2. Tama kaya ang gagawin niyang pasya? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>3. Bakit kailangan niyang gawin ang pasyang naiisip niya? Ipaliwanag ang iyong sagot. |

| | |
|---|---|
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Gamit ang sitwasyon ni Clarissa, buuin ang pasyang maaari mong gawin kung ikaw ay nasa parehong sitwasyon. Gumawa ng *chart* sa iyong notbuk at ilagay dito ang iyong mga planong gawin. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective/Constructivist Approach)* |
| F. Paglinang sa Kabihasnan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Ipakita ang mga inihandang maikling dula-dulaan ng bawat pangkat na nagpapamalas ng kanilang posisyon sa mga isyu tungkol sa seksuwalidad. **(gawin sa loob ng 20 minuto)** (*Collaborative Approach)* |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Bumuo ng limang pangkat. Pag-aralan ang mga sitwasyon sa ibaba. Pag-usapan sa pangkat kung ano ang tamang gawin sa mga sitwasyon o isyung nabanggit. Pangatuwiranan ang bawat sagot sa pamamagitan ng debate. (**gawin sa loob ng 10 minuto)**(*Reflective/Collaborative Approach)*<br>1. Maysakit ang nanay mo at di siya makapagtrabaho. Wala kayong pambili ng gamot at pagkain.  Nagugutom na ang maliliit mong mga kapatid. Nakita ng kapitbahay ninyong lalaki ang inyong sitwasyon. Inalok ka niya na makipagtalik sa kanya kapalit ng perang pambili ng gamot at pagkain.<br>2. Isang araw, umuwi ang nanay mong may kasamang lalaki. Ipinakilala niya ito sa inyong magkakapatid bilang kanyang kasintahan. Sa bahay din ninyo tumira ang lalaki. Mahal na mahal niya ito at sinusunod lahat ng gusto niya. Binilinan kayo ng inyong ina na sumunod at paglingkuran ang kanyang kasintahan. Sa isang gabing wala ang inyong ina, pumasok ang kasintahan niya sa iyong kuwarto at hinipuan ka sa maseselang bahagi ng iyong katawan. Sinabi niyang huwag kang magsusumbong dahil pag ginawa mo iyon, papatayin niya ang inyong ina.<br>Unang pangkat - Hurado<br>Ikalawa at ikatlong pangkat – Unang sitwasyon<br>Ikaapat at Ikalimang pangkat – Ikalawang sitwasyon |
| | |

| | |
|---|---|
| H. Paglalahat sa aralin | Posisyon sa mga isyu tungkol sa seksuwalidad:<br>1. *Premarital Sex*-Hanggang wala ako sa wastong gulang at hindi pa nakakasal ay wala akong karapatang makipagtalik sa aking *partner.*<br>2. Pornograpiya-Dahil sa pornograpiya, maaaring mag-iba ang asal ng ibang tao. Ang pornograpiya ay hindi sining. Kailangan nating irespeto ang ating katawan na kawangis ng sa ati'y lumalang.<br>3. Pang-aabusong Seksuwal- Ang paggamit ng kasarian ay para lamang sa pagtatalik ng mag-asawa na naglalayong maipadama ang pagmamahal at magkaroon ng anak upang bumuo ng pamilya. Ito ang esensya ng seksuwalidad.<br>4. Prostitusyon-Mapagsamantala ang prostitusyon at naaabuso nito ang kaloob na handog ng Diyos na seksuwalidad sa pamamagitan ng maling pagdanas ng kaligayahang layunin ng pakikipagtalik. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Sagutin ang sumusunod na katanungan. Gamitin ang *rubrics* sa ibaba. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach)*<br>1. Bakit mahalagang magkaroon ng tamang posisyon sa mga isyu ng seksuwalidad?<br>2. Ano ang kahalagahan ng tamang paggamit ng seksuwalidad bilang tao? Ipaliwanag.<br>5 puntos – mahusay na naipaliwanag ang batayang konsepto na napag-aralan.<br>3-4 puntos – bahagyang naipaliwanag ang batayang konsepto.<br>1-2 puntos – hindi naipaliwanag ang batayang konsepto. |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Humanap ng larawang maaaring maiugnay sa mga isyung tungkol sa seksuwalidad. Lagyan ito ng naangkop na prinsipyo o *quotations*. Sama-samang ididikit ang mga larawan sa isang *bulletin board* para sa buong klase. |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| | |

| | |
|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais | |

| | |
|---|---|
| kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |
| | **UNANG ARAW** | | | |
| **I. Layunin** | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan. | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mag-aaral ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan. | | | |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan.<br>2. Naipaliliwanag ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan.<br>3. Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan.<br>**EsP10PI-IVg-15.1** | | | |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 15 : Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan** | | | |

| | |
|---|---|
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *CG* p.180-192 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 303-308 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop/desktop* |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | A. Magbalik tanaw sa nakaraang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na katanungan. Tumawag ng 2-3 mag-aaral upang magbahagi ng kasagutan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Inquiry-Based/Reflective Approach*)<br>1. Ano ang halimbawa ng isyung moral na nabanggit sa Modyul 14?<br>2. Ayon sa mga halimbawa, ano-ano ang mga isyung seksuwal na palagi nating naririnig at nababalitaang madalas na kinasasangkutan ng kabataan?<br>B. Pasagutan sa mga mag-aaral ang Paunang Pagtataya. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Inquiry-Based Approach*)<br>Paunang Pagtataya<br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa notbuk.<br>1. Ang pagsisinungaling ay ang hindi pagkiling o pagsang-ayon sa katotohanan. Itinuturing ding isang lasong humahadlang sa kaliwanagan ng isang bagay o sitwasyon. Anong patunay |

| | |
|---|---|
| | na ito'y natural o masama?<br>a. Sapagkat ipagkakait ang tunay na pangyayari.<br>b. Sapagkat inililihis ang katotohanan.<br>c. Sapagkat ito'y isang uri ng pandaraya.<br>d. Sapagkat sinang-ayunan ang mali.<br>2. Ang sumusunod ay mga gawaing lumalabag sa karapatan ng:<br>a*. Intellectual piracy*<br>b. *Copyright infringement*<br>c. *Theft*<br>d. *Whistleblowing*<br>3. Alin sa sumusunod ang tamang pahayag tungkol sa *mental reservation*?<br>a. Maingat na ibinibigay ang mga impormasyon sa tamang tao lamang.<br>b. May karapatan ang naglalahad na manahimik at kimkimin ang mga impormasyon.<br>c. Walang paghahayag at hindi mapipilit para sa kapakanan ng taong pinoprotektahan.<br>d. Nagbibigay ng malawak na paliwanag at kahulugan sa maraming bagay upang ilayo ang tunay na katotohanan.<br>4. Si Lando ay dating bilanggo. Bahagi ng kanyang pagbabagumbuhay ay ang kalimutan ang madilim niyang nakaraan. Dahil dito, itinago niya ang karanasang ito sa kompanyang kanyang pinaglilingkuran sa kasalukuyan. Sa iyong palagay, may karapatan ba siyang itago ang katotohanan?<br>a. Mayroon, dahil siya ay responsible rito.<br>b. Mayroon, dahil may alam siya rito.<br>c. Mayroon, dahil sa kahihiyang ibibigay nito sa kanya.<br>d. Mayroon, dahil lahat ay may karapatang magbago.<br>5. Ayon sa isang *whistleblower*, "Hindi naman sa gusto ko, pero kailangan eh. Ayaw ng pamilya ko at ayaw ko na rin sana, pero itutuloy ko na rin." Paano pinanindigan ng *whistleblower* ang kanyang pakikibaka para sa katotohanan?<br>a. Mula sa suporta sa mga nagtitiwala sa kanya.<br>b. Mula sa dikta ng kanyang konsensya. |

| | |
|---|---|
| | c. Mula sa kanyang tungkulin at  obligasyon sa pamilya at bayan.<br>d. Mula sa di-makatotohanang akusasyon sa kanya.<br>6. Sa pangkalahatan, ang katotohanan ay dapat mapanindigan at ipahayag nang may katapangan sa lahat ng pagkakataon sapagkat ito ang nararapat gawin ng isang matapat at mabuting tao. Bakit mahalagang matandaaan ang pahayag na mapanindigan at ipahayag sa lahat ng pagkakataon?<br>a. Dahil ito ang katotohanan.<br>b. Dahil ito ang nararapat gawin ng isang tapat at mabuting tao.<br>c. Dahil ito ang maghahatid sa tao ng paghanga at paggalang.<br>d. Dahil ito ay para sa kabutihang panlahat.<br>7. Ang sumusunod ay dahilan ng isang tao kung bakit mas nahihikayat na gawin ang pagnanakaw sa gawa ng iba kaysa sa lumikha ng sarili at paulit-ulit na pagsasagawa nito, maliban sa:<br>a. Mababang presyo<br>b. *Anonymity*<br>c. Madaling transaksyon<br>d. Hindi sistematiko<br>8. Ang katotohanan ay nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay.  Sa bawat tao na naghahanap nito, masusumpungan lamang niya ang katotohanan kung siya ay naninindigan at walang pag-aalinlangan na ito ay sundin, ingatan at pagyamanin.  Ano ang kalakip nitong kaluwagan sa buhay ng tao?<br>a. Kaligayahan at karangyaan<br>b. Kapayapaan at kaligtasan<br>c. Kaligtasan at katiwasayan<br>d. Katahimikan at kasiguraduhan<br>9. Si Tony ay naparatangan ng *plagiarism* sa kanilang paaralan.  Siya ay kasama sa mga magagaling na manunulat sa kanilang *journalism class*.  May mga katibayang nagpapatunay na ito ay intensiyunal.  Anong prinsipyo ang nalabag niya?<br>a. Prinsipyo ng *Confidentiality* |

| | |
|---|---|
| | b. Prinsipyo ng *Intellectualilty*<br>c. Prinsipyo ng *Intellectual Honesty*<br>d. Prinsipyo ng Katapatan<br>10.Matagal nang napapansin ni Celso ang mga maling gawi ng kanyang kaklase sa pagpapasa ng proyekto.  Alam niya ang mga batas ng karapatang-ari (*copyrigh*t), dahil dito, nais niya itong kausapin upang mabigyan ng babala sa kung ano ang katapat na parusa sa paglabag dito.  Tama ba ang kanyang gagawing desisyon?<br>a. Tama, sapagkat ito ay nasa batas at may parusa sa sinumang lumabag dito.<br>b. Tama, sapagkat ito ay para sa ikabubuti ng kanyang kaklase.<br>c. Tama, sapagkat ito ay karapatan din ng taong sumulat o may-ari ng katha.<br>d. Tama, sapagkat ito ay kanyang obligasyon sa kapwa. |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan.<br>2. Naipaliliwanag ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan.<br>3. Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan.<br>B. Papanoorin ang mga mag-aaral ng *video presentation* at sagutin ang tanong. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>Module 15 : Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan<br>*By*:*Group Truth*  - https://www.youtube.com/watch?v=dLT3amzPXYk<br>Matapos mapanood ang *video*, ano-ano ang halimbawa ng isyung moral sa lipunan ang iyong nasaksihan? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Pangkatin ang klase sa 3. Pag-usapan ang iba't ibang isyu sa lipunan na nagpapakita ng kawalan ng paggalang sa katotohanan. Isulat sa *Manila paper* ang kasagutan.  Bigyan ang lider ng pangkat nang sapat na panahon para sa pag-uulat. **(gawin sa loob ng 10minuto)** *(Collaborative Approach)*<br>1. Ano-ano ang mga nailista sa *Manila paper* na mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa |

| | |
|---|---|
| | katotohanan?<br>2. Sang-ayon ka ba sa mga nailista? Bakit?<br>3. Ano sa iyong palagay ang mga dahilan ng pagkakaroon ng ganitong mga isyu sa ating lipunan? Ipaliwanag.<br>4. Paano nakaaapekto ang mga isyung ito sa tunay na kahulugan ng katotohanan?<br>5. Posible ba itong masolusyunan sa kabila ng marami ang gumagawa nito? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Basahin at timbangin ang sumusunod na mga pahayag. Lagyan ng tsek ang kahon ng <u>S</u> kung ikaw ay sumasang-ayon, lagyan ang <u>DS</u> kung hindi sumasang-ayon at lagyan ang <u>DT</u> kung hindi ka tiyak sa iyong palagay at saloobin. Malayang magbigay ng sariling opinyon ayon sa pasyang napili. Hinihingi ang pagiging bukas na isip at malawak na pananaw mula sa mga talakaying isyu. Humanap ng kapareha at magkaroon ng maikling talakayan sa mga sagot. Ilagay ang mga ito sa iyong notbuk. Tumawag ng ilang mag-aaral upang sagutan ang mga katanungan sa ibaba. **(gawin sa loob ng 7 minuto)** *(Reflective/Collaborative Approach)* |

| | S | DS | DT |
|---|---|---|---|
| 1. Ang sinuman ay may karapatang itago ang katotohanan. | ☐ | ☐ | ☐ |
| 2. Ang isang guro ay nagbigay ng mga *special assignment* sa kanyang mga mag-aaral upang magamit sa tinatapos niyang *term paper* sa *Masteral*. Tulong na rin para sa kanyang mabawasan ang hirap sa paggawa nito ngunit lingid ito sa kaalaman ng mag-aaral niya. | ☐ | ☐ | ☐ |
| 3. Ang mga sensitibong usapin tulad ng pagbubunyag ng mga lihim ay nararapat pag-usapan nang bukas, may paggalang at pagmamalasakit sa nagpapahayag nito. | | | |

| | |
|---|---|
| | 5. Marapat na gawing pribado ang anumang pag-uusap lalo na kung nakasalalay ang kapakanan ng nakararami sa mga anomalyang nangyayari sa loob ng samahan o organisasyon.<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang iyong masasabi sa mga sitwasyon sa itaas? Bakit?<br>2. Alin sa mga sitwasyon ang lubha kang nahirapang sagutin? Ipaliwanag.<br>3. Bilang nasa Baitang 10, paano ka dapat tumugon sa tawag ng katotohanan lalo nasa panahong kailangan itong ipahayag? Ipaliwanag. |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Pangkatin ang klase sa 3. Pag-aralan ang mga kaso at ibigay ang mga resolusyon dito. Magkaroon ng pagbabahagihan at mungkahi ang bawat isa. **(gawin sa loob ng 10 minuto**)<br>*(Collaborative Approach)*<br>Pangkat 1 – Unang Kaso<br>Pangkat 2 – Ikalawang Kaso<br>Pangkat 3 – Ikatlong Kaso |

Unang Kaso

Dahil sa takot na maparusahan ng kanyang ama, ang isang mag-aaral sa kolehiyo na nakakuha ng bagsak na marka sa isa niyang asignatura ay gumawa ng isang pandaraya na gawin itong mga pasado.

Tanong:

a. Nabigyan ba ng sapat na katuwiran ng mag-aaral ang kanyang ginawang pandaraya? Bakit?
b. Sa iyong palagay, ano ang nararapat gawin? Ipaliwanag

Mungkahing resolusyon sa kaso

A.

_______________________________________________

_______________________________________________

B.

_______________________________________________

_______________________________________________

Ikalawang Kaso

~~Dahil sa mababang presyo ng mga *pirated compact disc*, mas gusto pa ng ilan na tangkilikin~~ ito kaysa bumili ng orihinal o di kaya ay pumila pa at manood sa mga *cinema theater*.

Tanong:

a. Makatuwiran ba ang pahayag sa itaas? Paano ito nakaaapekto sa taong lumikha nito?
b. May posibilidad bang gawin mo rin ito? Bakit?

| | |
|---|---|
| | Mungkahing resolusyon sa kaso<br>A. ____________________<br>____________________<br>B. ____________________<br>____________________<br><br>Ikatlong Kaso<br><br>Dahil sa kakulangan ng mapagkukunang datos sa pananaliksik na ginagawa ng isang gurong-mananaliksik sa kanyang pag-aaral, minabuti ng gurong gamitin ang isang pribadong dokumento nang walang pahintulot sa gumawa.<br><br>Tanong:<br>1. Mayroon bang sapat na kondisyong makalilimita sa paggamit ng lihim na dokumento tulad ng kaso sa itaas na maging katuwiran sa paggamit ng pribadong pag-aari ng isang tao? Pangatuwiranan. |

| | |
|---|---|
| | Mungkahing resolusyon sa kaso<br>A.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>B.<br>________________________________________<br>________________________________________ |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Sa inyong notbuk, sumulat ng 5 halimbawa ng isyung moral tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan. Ipaliwanag ang mga ito sa klase **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Tumawag ng mag-aaral at magbahagi ng kanilang opinyong binubuo ng 3 o higit pang pangungusap tungkol sa sitwasyon sa ibaba. (**gawin sa loob ng 3 minuto**)<br>*(Reflective Approach)*<br>Sa panahon ngayon, paano ka magiging daan at kabahagi ng paglutas sa mga kinakaharap na isyung moral ng ating lipunan? |
| H. Paglalahat sa aralin | |

| | |
|---|---|
| | Bilang tao, inaasahang maging matapat ka at gawing makabuluhan ang buhay sa abot ng iyong pagsisikap na makamit ito. Ito rin ay hakbang tungo sa maayos at mabuting pamumuhay na may pagmamahal sa katotohanan. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Gumawa ng maikling sanaysay na binubuo ng 50 salita tungkol sa mga isyung moral na may kinalaman sa ating lipunan. Gamitin ang rubriks o kraytirya sa ibaba. (**gawin sa loob ng 10 minuto**) *(Reflective/Constructivist Approach)*<br><br>Kraytirya Sa Pagsulat Ng Sanaysay<br>● Nilalaman - 45%<br>● Kaugnayan sa Tema- 30%<br>● Paggamit ng Salita- 25% |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Manood/makinig ng balitang may kaugnayan sa mga isyung moral na may kinalaman sa ating lipunan. |
| **IV. MgaTala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| | |

| | |
|---|---|
| C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo)** | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | IKALAWANG ARAW |
|---|---|
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mag-aaral ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Nasusuri ang mga isyung may kinalaman sa kawalan ng paggalang sa katotohanan<br>2. Natutukoy ang iba't ibang isyung moral na kinasasangkutan ng lipunan.<br>3. Nahihinuha ang kahalagahan ng pagtanggap sa katotohanan.<br>**EsP10PI-IVg-15.2** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 15: Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay ng Guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 180-192 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 309-313 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| | |

| | |
|---|---|
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop/desktop, Manila paper, marker* |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Tumawag ng 2-3 mag-aaral upang magbahagi ng kanilang napanood sa ibinigay na takdang aralin tungkol sa mga isyung moral na may kinalaman sa ating lipunan.<br>**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Inquiry-Based Approach)* |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Nasusuri ang mga isyung may kinalaman sa kawalan ng paggalang sa katotohanan<br>2. Natutukoy ang iba't ibang isyung moral nakinasasangkutan ng lipunan.<br>3. Nahihinuha ang kahalagahan ng pagtanggap sa katotohanan.<br>B. Magpalabas ng isa sa mga dokumentaryong panoorin.<br>Punto por Punto: Sen. Sotto, dapat bang managot sa isyu ng *plagiarism?*<br>https://www.youtube.com/watch?v=ilUpTniccF0<br>**(gawin sa loob ng 15 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Suriin ang napanood na dokumentaryong panoorin at tumawag ng ilang mag-aaral upang sagutin ang mga katanungan. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective/Inquiry-Based Approach)*<br>Sagutin ang sumusunod na tanong:<br>1. Ano ang iyong naging reaksiyon sa isyung kaugnay ng paninindigang isiwalat ang katotohanan?<br>2. Paano nakaapekto ang mga dokumentaryo sa mga taong nakaalam nito? Sa taong nagsiwalat nito? |

| | |
|---|---|
| | 3. Bilang kabataan, ano ang hamon na ipinararating sa iyo ng mga reyalidad na ito sa ating lipunan? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Pangkatin ang klase sa apat na grupo. Basahin at suriin ang mga siping lathalain na may kaugnayan sa pagsisiwalat ng katotohanan sa pagsasabi ng totoo para sa kabutihan.<br>**(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective/CollaborativeApproach)*<br><br>Unang Pangkat – Lathalain 1<br>Ikalawang Pangkat - Lathalain 2<br>Ikatlong Pangkat – Lathalain 3<br>Ikaapat na Pangkat – Lathalain 4 |

**Lathalain # 3**

**Lathalain # 4**
Ang 'Think Before You Click' campaign ng GMA Netwok
July 16, 2011; 12:07am
**Published** July 16, 2011 12:07am

Dahil sa mabilis na pagdami ng mga Pinoy na nahuhumaling sa mga *social networking site* gaya ng Facebook at Twitter, inilunsad ng GMA Network ang kampanyang, 'Think Before You Click.'

Sa ulat ng GMA News TV *State of the Nation* nitong Biyernes, sinabing pampito na ngayon ang Pilipinas sa buong mundo na may pinakamaraming gumagamit ng Facebook. Bukod dito, mabilis din ang pagdami ng mga Pinoy na nagbubukas ng kanilang mga Twitter *account.*

Kaya naman bilang bahagi ng "Serbisyong Totoo" ng GMA Network, inilunsad ang kampanyang 'Think Before You Click,' para paalalahanan ang mga Kapusong Pinoy tungkol sa responsabilidad sa paggamit ng mga *social networking site.*

"*Sometimes we forget what we post online stays there forever*. Hindi 'yan parang, *I can delete it* tapos mawawala na, hindi ganun ang *Internet* di ba?" pahayag ni Sheila Paras, *News Creative Imaging Head,* GMA Network, sa ulat ni GMA *news reporter* Dano Tingcungco.
Dagdag pa ni Paras, kahit "anonymous" o hindi tunay na pangalan ang ginamit sa binuksang *account*, hindi ito dahilan para manira at manakit ng kapwa sa mga *social networking site.*

"*Just because meron silang mga account they're anonymous so to speak*, pwede na silang basta-basta na lang manira ng ibang tao. Hindi nila nalalaman na 'yung taong sinisiraan nila, totoong tao 'to, merong *personality outside* the *Internet*; totoong buhay 'yon na naapektuhan," paliwanag niya.

Kabilang sa mga magbibigay ng *tips* tungkol sa responsableng paggamit ng mga *social networking site* ay ang mga Kapuso *stars* na sina Iza Calzado, Maxene Magalona, Moymoy at Palaboy, Ramon Bautista, at German "Kuya Germs" Moreno.

Nandiyan din sina Howie Severino, news anchor at Editor in Chief ng GMA News Online; Gang Badoy, founder RockEd Philippines; Carlos Celdran, Manila *tourist guide* at si Secretary Mario Montejo, Department of Science and Technology.

Ang 'Think B4 U Click' campaign ng Kapuso ang kauna-unahang *social media awareness campaign* ng isang *media organization* sa bansa.

Ayon kay Maxene, siya man ay ilang beses nang napagsabihan ng masama, napadalhan ng mga *negative comments* at nabastos sa mga *social networking site.*

"Ang gusto ko lang ipaalala na sana matuto pa rin tayong rumespeto ng kapwa," ayon sa *young actress.*

Samantala si Iza, natuto raw na i-*censor* ang sarili sa mga ipino-post sa kanyang mga *social networking site.*

Ang simpleng paalala naman ni Howie, " Dapat lagi mong iniisip na ang *social media* ay isang *public space*, kung ano ang ayaw mong gawin sa publiko dapat hindi mo gagawin dito."

Mapapanood ang "Think Before You Click" campaign sa lahat ng *platform* ng GMA Network kasama na ang GMA 7, GMA News TV 11 at GMA News Online. Abangan din ito sa Twitter at Facebook account GMA News. – **FRJimenez, GMA News**

http://www.gmanetwork.com/news/story/226458/showbiz/chikaminute/ang-think-before-you-click-campaign-ng-gma-network#sthash.GmcaXb6i.dpuf

| | |
|---|---|
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Matapos suriin ang mga siping lathalain, sagutin ang sumusunod na katanungan. Pumili ng lider na mag-uulat.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>1. Paano dapat harapin ng isang tao ang hamon para sa marangal na hanapbuhay sa kabila ng matinding kahirapan?<br>2. Paano nakaaapekto sa reputasyon ng isang tao ang kanyang pangongopya?<br>3. Paano pinatutunayan ng mga *whistleblower* ang kanilang paninidigan sa pagsisiwalat ng katotohanan?<br>4. Paano nagagamit ang *social media network* sa pansariling kapakanan at kapahamakan ng iba? |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Bigyang kahulugan ang sumusunod na salita tungo sa mas malalim na pag-unawa. Isulat sa notbuk ang kasagutan at tumawag ng 2-3 mag-aaral upang magbahagi ng kasagutan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective/Inquiry-Based Approach)*<br>1. Marangal<br>2. Reputasyon<br>*3. Whistleblower*<br>4. Paninindigan<br>*5. Social media network* |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Sumulat ng maikling pagninilay sa iyong notbuk tungkol sa mga isyung kinasasangkutan ng sumusunod sa ating lipunan na iyong nasasaksihan. Magkaroon ng bahagihan ng kasagutan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Integrative/Collaborataive Approach)*<br>1. Gobyerno<br>2. Paaralan<br>3. Simbahan |
| H. Paglalahat sa aralin | |

| | |
|---|---|
| | Dapat na maging maingat ang isang tao sa lahat ng kanyang pagpapasya sapagkat sa bawat pagpapasya niyang gagawin ay kaakibat nito ang kanyang pananagutan. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Sa isang buong papel ipaliwanag ang sumusunod: 5 puntos bawat aytem. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>1. *Legal*<br>2. *Plagiarism*<br>3. *Pork Barrel Scam*<br>4. *Think Before You Click* |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Manood at magsaliksik ng mga panooring may kinalaman sa isyung moral na nagaganap sa ating lipunan para sa karagdagang kamalayan. Pagnilayan. Isulat ang pagninilay sa kuwaderno. |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| | |

| | |
|---|---|
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |


| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKATLONG ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mag-aaral ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 1. Napatutunayan na ang pagiging mulat sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan ay daan upang isulong at isabuhay ang pagiging mapanagutan at tapat na nilalang.<br>2. Natutukoy ang mga hakbang sa pagiging mulat sa mga isyung moral ng lipunan.<br>3. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagiging bukas ang isipan sa pagtanggap ng katotohanan. **EsP10PI-IVg-15.3** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 15 : Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan** |
| A. Sanggunian | |
| | Gabay ng Guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 180-192 |

| | |
|---|---|
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p.314-319 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop/desktop* |
| **III. Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Ihanda ang mga mag-aaral para sa pagninilay ng mga pahayag sa ibaba. Ipabasa at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Reflective Approach)*<br>May palagay akong siya ang kumuha ng orihinal na *manuscript* ng kaniyang *boss* para makagawa ng isang artikulo!<br>Totoo bang kinopya lamang ni Lina ang kaniyang proyekto kay Ramon? Bakit kaya?<br>Maiging manahimik kaysa sa magkamali ng mga sasabihin. Hindi na lamang ako kikibo!<br>Mabuti na ang mangupit kaysa sa magnakaw ng malaking halaga.<br> |

| | |
|---|---|
| | Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Kung ikaw ang nakikinig sa bawat pahayag, maniniwala ka ba agad, sasang-ayon o maghahanap ng katibayan bago maniwala?<br>2. Umaasa ka lamang ba sa obserbasyon at sa sarili mong kutob o pakiramdam ngunit wala namang matibay na paninindigan?<br>3. Paano mo gagamitin ang iyong maingat na paghuhusga na napag-aralan mo sa Modyul 9 sa pagtukoy mo ng katotohanan at sa pagkilos mo ng mabuting opinyon sa mga isyung etikal at mabuting pagsuri sa mga dilemang moral? |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Nasusuri ang mga isyung may kinalaman sa kawalan ng paggalang sa katotohanan<br>2. Natutukoy ang iba't ibang isyung moral na kinasasangkutan ng lipunan.<br>3. Nahihinuha ang kahalagahan ng pagtanggap sa katotohanan.<br>B. Ipaliwanag ang katagang *White Lies.* Sagutin ang tanong sa ibaba at tumawag ng 2-3 mag-aaral para sa pagbibigay ng sariling *opinion*. **(gawin sa loob ng 5 minuto)**<br>*(Reflective/Inquiry- Based Approach)*<br>Makatarungan bang gawin ang pagsisinungaling para sa sa ikabubuti ng iba at ng iyong sarili? |

| | |
|---|---|
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Tumawag ng ilang mag-aaral upang sagutin ang sumusunod na katanungan sa ibaba. Isulat ng guro ang kasagutan sa pisara at ipabasa ito. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective/Inquiry-Based Approach)*<br>1. Ano ang misyon ng katotohanan?<br>2. Nakagawa ka na ba ng isang pagsisinungaling para mapagtakpan ang isang pagkakamali at maging malinis ang imahe sa mata ng iba? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Bumuo ng tatlong pangkat. Isadula ang tatlong uri ng kasinungalingan. Sundin ang kraytirya/rubriks sa ibaba. **(gawin sa loob ng 15 minuto)** *(Collaborative Approach).*<br>Unang Pangkat – *Jocose lie*<br>Ikalawang Pangkat – *Officious lie*<br>Ikatlong Pangkat – *Pernicious lie*<br><br>Kraytirya:<br>● May kahandaan sa kasuotan, *props* at musika- 10%<br>● Maganda ang eskpresyon ng mukha- 30%<br>● Makitaan ng pagiging malikhain sa presentasyon- 35%<br>● Malakas ang dating sa manonood- 25% |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Matapos isadula ang tatlong uri ng kasinungalingan, ipasagot sa mag-aaral ang mga tanong kung sila ba ay nakaranas ng alin man sa mga ito: **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective/Inquiry-Based Approach)*<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Nakaranas ka ba ng alinman sa mga kasinungalingang nabanggit? Bakit?<br>2. Susubukin mo bang gawin ang mga ganitong pagkakamali sa iyong buhay? Ipaliwanag |
| | |

| | |
|---|---|
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Bigyang kahulugan ang tatlong uri ng kasinungalingan para sa mas malalim na pag-unawa. Isulat sa notbuk at ilagay sa loob ng kahon ang iyong sagot. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Inquiry-Based Approach)*<br><br> |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Bigyan ng kahulugan ang sumusunod na salita sa ibaba. Tumawag ng 3-5 mag-aaral upang bigyang kahulugan ang mga salita. **(gawin sa loob ng 5 minuto**) *(Inquiry-Based Approach)*<br>1. Lihim |

| | |
|---|---|
| | 2. *Mental Reservation*<br>3. Prinsipyo ng *Confidentiality*<br>4. *Natural Secrets*<br>5. *Promised Secrets*<br>6. *Committed or Entrusted Secrets* |
| H. Paglalahat sa aralin | Ang katotohanan ang nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay. Ang pagsukat ng kanyang katapatan ay nangangailangan ng pagsisikap na alamin ang katotohanan. Sa bawat taong naghahanap nito, masusumpungan lamang niya ang katotohanan kung siya ay naninindigan at walang pag-aalinlangang sundin, ingatan at pagyamanin. Ang sinumang sumusunod dito ay nagkakamit ng kaluwagan ng buhay (*comfort of life*) na may kalakip na kaligtasan, katiwasayan at pananampalataya. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Kumuha ng ikaapat na bahagi ng inyong papel at sagutan ang maiksing pagsusulit. (1 point bawat tanong) **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Inquiry-Based Approach)*.<br><br>_______________1. Nagsilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin sa buhay.<br>_______________2. Isang uri ng kasinungalingang kung saan sinasambit para maghatid ng kasiyahan lamang.<br>_______________3. Ito ay mga lihim na ipinangako ng taong pinagkatiwalaan nito.<br>_______________4. Tawag sa isang nagpapahayag upang maipagtanggol ang kanyang sarili o di kaya ay paglikha ng isang usaping kahiya-hiya upang dito maibaling.<br>_______________5. Ito ay nagaganap kapag sumisira sa reputasyon ng isang tao na pumapabor sa interes o kapakanan ng iba. |
| J. Karagdagang gawain para sa<br><br>takdang-aralin at *remediation* | Bigyang kahulugan ang sumusunod na *terminology* para sa susunod na talakayan:<br>1. *Intellectual Piracy*<br>2. *Fair Use* |

| | |
|---|---|
| | 3. *Whistleblowing*<br>4. *Social Media* |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa | |

| | |
|---|---|
| tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo)** | Paaralan | | Baitang/Antas | 10 |
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKAAPAT ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mag-aaral ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan |
| | 1. Nakabubuo ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan |

| | |
|---|---|
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | 2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng katotohanan.<br>**3.** Nasusuri ang mga hakbang sa masusing paghuhusga.<br>**EsP10PI-IVg-15.4** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 15 : Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay ng Guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 180-192 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 319-331 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Mga babasahin/panoorin mula sa *internet*<br>Mga negatibong epekto ng *internet* at *social media*, tinalakay sa pinoy *indie film* na *UNFRIEND*<br>https://www.youtube.com/watch?v=oqH_NMMW2BQ (4mins)<br>TV Patrol: Iligal na imprentahan ng mga libro, sinalakay<br>https://www.youtube.com/watch?v=0B8KJbq_Ewk (3mins)<br>*WHISTLEBLOWER* (2016) - *Official Teaser* - Nora Aunor, Angelica Panganiban *Political Thriller*<br>https://www.youtube.com/watch?v=X9euN4LfXhI (40 seconds)<br>Panturong Biswal: l*aptop, LCD projector, Manila paper, marker* |

| III. Pamamaraan | |
|---|---|
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | Suriin ang dilemang moral na halimbawa ng *Plagiarism* at sagutin ang katanungan.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Inquiry-Based Approach)*<br>Isang pangkat ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng isang kilalang pamantasan ang pinatawag ng *Disciplinary Committee*. Ito ay dahil sa natuklasang pagkopya sa isang pomosong artikulo ng sikat na manunulat para sa kanilang *thesis*, isang *major requirement* sa kinuhang kurso. Hindi nila binigyan ng tamang pagkilala ang pinagkunang sanggunian bagama't nagawa nilang ilagay ang ibang sanggunian bilang etika sa prinsipyo ng *Intellectual Honesty*. Magtatapos sana sila sa Marso ngunit may takot silang hindi mangyayari ito. Humingi sila ng konsiderasyon at bagong pagkakataon upang maituwid ang kanilang ginawang pagkakamali sa pamamagitan ng paglalagay nito sa talaan ng sanggunian.<br><br>Kung ikaw ay isa sa miyembro ng *panel* ng *thesis*, ano ang magiging pasya at kilos mo? |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Nakabubuo ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan.<br>2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng katotohanan.<br>3. Nasusuri ang mga hakbang sa masusing paghuhusga.<br>B. Isa-isahin angmga opinyon ng dilemang moral tungkol sa *Plagiarism* mula sa *LM* p.321 at sagutin ang katanungan.Tumawag ng 2-3 mag-aaral.<br>**(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective Approach)* |

| Talaan | Opsiyon 1 | Opsiyon 2 |
|---|---|---|
| Layunin | Maturuan ng leksiyon ang mag-aaral na mali ang pangongopya | Mabigyan ng pagkakataon ang mag-aaral para sila ay makapagtapos sa Marso |

| | | |
|---|---|---|
| Mga Pagpipilian/Paraan | Ihain ang kaso sa *Disciplinary Committee* ng unibersidad upang mabigyan ng kaukulang pansin ang ginawang maling aksiyon | Gawin ang nararapat sa pamamagitan ng paglalagay ng pangalan ng manunulat sa kanilang sanggunian |
| Sirkumstansiya | Hindi papayagan ang mag-aaral na makatapos hangga't hindi tapos ang kasong *plagiarism* | Bigyan ng palugit ang mag-aaral na maitama ang mga detalye sa sanggunian bago dumating ang *graduation* |
| Kahihinatnan | • Magkakaroon sila ng kasong *plagiarism*<br>• Hindi makatatapos sa takdang araw na dapat sana ay makahahanap ng trabaho | • Makatatapos sa araw ng *graduation*<br>• Magkakaroon ng kamalayan at aral sa halaga ng *intellectual property rights* |

Mga Tanong:


1. Bakit kaya may mga taong tila nahihirapang kilalanin at ipagbigay-alam ang pinanggalingan ng kaalamang ginamit?
2. May takot bang mapulaan ng katamaran o isang kahihiyan na mabansagang mangmang?

C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin

Paano mo bibigyang kahulugan ang *Intellectual Piracy, Fair Use* at *Whistleblowing?* Subuking suriin ang sumusunod na dilemang moral. Tumawag ng 2-3 mag-aaral at sagutin ang sumusunod na katanungan sa ibaba.**(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflectivey Approach)*

Malaki ang utang na loob ni Rudy sa kanyang Ate Cecil na isang *Head Nurse* sa malaking ospital sa Maynila. Dahil sa paghanga rito, kumuha rin siya ng kursong *Nursing*. Nang siya ay nakatapos, tinulungan siya ng kanyang ate na makapasok at mapabilang sa ospital na pinapasukan nito. Lalo siyang nagkaroon ng mataasna pagtingin at respeto sa kanyang kapatid dahil sa laki ng naitulong nito sa kanya. Nagkaroon ng pagkakataon at nagkasama sila sa isang *department* sa pareho ring *shift*, ang *night shift*. Sa mga pang-araw-araw na *routine* sa ospital, napapansin niya na sa kanilang pag-uwi ay laging may uwing *bag* ng mga gamot ang kanyang ate. Lingid sa kaalaman niya, matagal na

| | |
|---|---|
| | 1. Dapat bang isiwalat ni Rudy ang maling gawain ng kanyang kapatid?<br>2. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Rudy, ano ang iyong gagawin? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Pangkatin ang klase sa 3 at tayahin ang pag-unawa sa sumusunod na katanungan. Isulat sa *Manila paper* ang kasagutan at tumawag ng lider mula sa bawat pangkat para sa pagtatalakay. (**gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Collaborative/Constructivist Approach)*<br><br>1. Ano ang katotohanan para sa iyo?<br>2. Bakit kailangan panindigan ang katotohanan?<br>3. Ano ang *mental reservation*? Ano ang kabutihang hatid nito sa taong may hawak ng katotohanan at sa taong prinoprotektahan nito?<br>4. Ano-anong balakid o hadlang ang maaaring mangyari sa paninindigan sa katotohanan?<br>5. Ano-ano ang mga isyung may kinalaman sa katotohanan? Isa-isahin ang mga ito at Ipaliwanag kung paano mo maisusulong ang pagiging mapanagutan at tapat na nilalang sa |

| | |
|---|---|
| | bawat isyu.<br>6. Paano maisasabuhay ng isang tao ang kanyang pagmamahal at pagpapahalaga sa katotohanan? |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Ano ang nauunawaan mong mahalagang konsepto sa mga naunang babasahin? Isulat ang kasagutan sa notbuk gamit ang *graphic organizer*. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Constructivist Approach)*<br> |

| | |
|---|---|
| | |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Basahin ang sitwasyong nasa ibaba at punan ng sagot ang *chart*. Magkaroon ng bahaginan sa klase, tumawag ng 3-5 mag-aaral. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)* |

| Mga sitwasyon | Ang gagawin ko | Paliwanag |
|---|---|---|
| 1. Gahol na ako sa oras upang magkalap ng mga impormasyon tungkol sa aking *action research*. Nakatakda itong ipasa ikatlong araw mula ngayon. Sa isang *site* ng *internet* ay may nakita akong kahawig ng aking *research.* Makatutulong ba ito para sa akin? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 2. May paborito kang *movie title* na kasama ang hinahangaan mong artista. Matagal mo na itong nais panoorin. May isang nag-alok sa iyo sa murang halaga at may libre pa itong kasamang dalawang panoorin sa P200 na halaga nito. Kasama ka sa adbokasiya ng kampanya sa *Anti-Piracy* sa inyong paaralan. Mahikayat ka kayang bumili nito. | | |
| | | 3. May isa kang ka-opisina na madalas dumaraing ng tungkol sa ugali at sistema ng pamumuno ng inyong boss. Nagdedetalye na rin siya ng mga anomalyang ginagawa nito at nagbabanta na rin ng kanyang plano na gumawa ng isang *anonymous letter* bilang ganti sa kalupitan nito sa kanya. Pipigilan mo ba siya sa kanyang | | |


| | |
|---|---|
| | balak na magreklamo? \| \| |
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Ibigay ang sariling *opinion* sa sitwasyon. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective/Inquiry-Based Approach)*<br><br>Kung ikaw ay bibigyan ng isang posisyon sa pamahalaan o maging kinatawan ng isang samahan o organisasyon na maging bahagi sa paggawa ng isang batas tungkol sa mga gawaing intelektuwal at etikal na isyu upang makapagbigay ng paninindigan sa pagpapahalaga sa gawa at likha ng iba, ano ang nais mong ipanukala?<br><br>Kung ikaw ay isang…<br>1. Pangulo ng "*Student Council Government*"<br>2. Abogado<br>3. Awtor ng libro<br>4. Opisyal ng gobyerno<br>5. *Non-government organization* |
| H. Paglalahat sa aralin | Ang pagmamahal sa katotohanan o ang pagiging makatotohanan ay dapat maisabuhay at mapagsikapang mapairal sa lahat ng pagkakataon. Ito ay napakahirap maisagawa at sa maraming dahilan, tinatanggap na lamang sa paggabay kung ano ang hindi makatotohanan. Dahil sa kawalan ng paghahanap ng katotohanan, ang kasinungalingan ang nangingibabaw. Ito ngayon ang hamon sa bawat tao na maging instrumento tungo sa katotohanan at magsikap na mapanindigan nang may katuwiran ang piniling pasya at mga pagpapahalaga. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Pagnilayan ang mga tanong. Isulat ang kasagutan sa kalahating bahagi ng papel. (5 puntos bawat tanong) **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Reflective Approach)* |

| | |
|---|---|
| | 1. Sa paanong paraan ako makatutulong sa pagpapanatili ng kasagraduhan ng katotohanan bilang bahagi ko sa aking lipunan?<br>2. Sa mga pang araw-araw kong gawain, ano-anong patunay na niyayakap ko ang katotohanan bilang tugon ko sa tawag ng aking konsensya? |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Sagutin ang gawain na makikita sa *Learners' Module* p. 331-332 |
| **IV. Mga Tala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong | |

| | |
|---|---|
| nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo)** | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |
| | **UNANG ARAW** | | | |
| **I. Layunin** | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung moral upang magkaroon ng matatag na paninindigan sa kabutihan sa gitna ng iba't ibang pananaw sa mga isyung ito at mga impluwensiya ng kapaligiran. | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng posiyon tungkol sa isang isyu sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. | | | |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | Natutukoy ang mga isyu tungkol sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan.<br>a. Nailalahad ang mga maling gawi o kasanayan sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan<br>b. Naipaliliwanag ang posibleng pinag-ugatan ng mga maling kasanayan sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. **EsP10PI-IVg-16.1** | | | |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 16: Mga Isyung Moral Tungkol sa Paggawa at Paggamit ng Kapangyarihan** | | | |

| | |
|---|---|
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 200-209 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 334-340 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop, metacards, tape,* larawan galing sa *internet* http://media.philstar.com/images/pilipino-star-ngayon/opinyon/20160225/pinoytoon.jpg |
| **III.Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | A. Ipakita ang salitang moral na nakasulat sa *metacard*. Bigyan ng *metacards* ang mga mag-aaral, ipasulat ang salitang naiuugnay nila sa salitang moral. Ang salita ay dapat katugma ng unang letra ng kanilang pangalan. Bumuo ng *graphic organizer* mula sa mga kasagutan. Gamitin ang halimbawa sa ibaba. Ipabasa sa klase ang naging kasagutan. (**gawin sa loob ng 5 minuto**) (*Reflective Approach*) |




| | |
|---|---|
| | B. Pasagutan ang Paunang Pagtataya sa notbuk. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** **(***Reflective Approach)*<br><br>1. Sa simula ng paglikha ng Diyos, inilaan na siya upang gumawa ng mga katangi-tanging gawain at siya lamang ang binigyan ng natatanging talino.<br>a. Hayop<br>b. Halaman<br>c. Kalikasan<br>d. Tao<br>2. Ang moral na obligasyon sa paggawa ay malinaw na nakasaad sa Banal na Kasulatan sa Genesis 3:19, “Ang lupaing ito para pag-anihan, pagpapawisan mo habang nabubuhay,” at sa Exodo 20:9, “Anim na araw kayong gagawa ng inyong gawain,” na kung saan ang tao ay inatasan ng Diyos na gumawa at magtrabaho. Ano ang ibig ipahiwatig ng mga pahayag na ito?<br>a. Isang panlipunang proseso na ang layunin ay mapangalagaan ng tao ang lipunan.<br>b. Nilikha ang tao upang maging kabahagi ng Diyos sa Kanyang gawain sa pamamagitan ng paggawa.<br>c. Ipinakikita na ang anumang bagay na nais tamasahin ng tao ay kailangan niyang paghirapan.<br>d. Ang paggawang ito ang siyang batayan ng ating pagkilos upang ituloy at kumpletuhin ang sinimulan Niyang paglikha.<br>3. Ayon sa panlipunang turo ng simbahan, Rerum Novarum ni Blessed Paul II, *Work bears a particular mark of man and of humanity, the mark of a person operating within a community of persons.* Paano naipakikita rito kung ano ang paggawa?<br>a. Ang paggawa ay pagmamahal sa isang gawain na nagiging katulong ang Diyos sa |

| | |
|---|---|
| | pagbubunsod ng paggawa.<br>b. Ang paggawa ay isang gawain ng tao na nangangailangan ng orihinalidad, pagkukusa at obligasyong pagkamalikhain.<br>c. Ang paggawa ay nagbibigay sa atin ng kahulugan at tinuturuan tayong makilahok sa ating mundong ginagalawan upang ipagpatuloy ang paglikha ng Panginoon.<br>d. Ang paggawa ay anumang gawain, pangkaisipan man ito o manwal, anuman ang kanyang kalikasan o kalagayang makatao, nararapat para sa tao ang gumawa bilang anak ng Diyos.<br>4. Ang sumusunod ay nagpapakita ng ilang halimbawa kung paano ginagamit ng kabataan ang kanilang mga oras. Sa anong sitwasyon sa ibaba hindi naipakikita ang paggamit ng wastong oras?<br>a. Si Sassy Nichole ay laging maagap sa pagpasok sa kanyang trabaho.<br>b. Si Catherine Kate ay may listahan ng mga gawaing kanyang gagawin sa bawat araw.<br>c. Si Genrich ay laging pinapaalalahanan ng kanyang mga guro para magpasa ng kanyang mga proyekto.<br>d. Si Cristina Karylle ay naglalaba at naglilinis ng kanilang bahay tuwing Sabado at Linggo.<br>5. Ayon kay Karl Marx, ang kabihasahan ng tao ay naaayon sa pagkamasalimuot ng mga kagamitan. Ano ang ibig sabihin nito?<br>a. Ang kagamitan natin sa kasalukuyan ay bunga ng lipunan, iniwan ng naunang henerasyon<br>b. Ang mga kagamitan ay produkto ng kapwa at ginagamit niya upang makalikha ng bagay para sa kapwa.<br>c. Ang lahat ng bagay ay yaong nasa ating pananagutan, lahat ng may kinalaman sa pagpapaunlad ng sarili.<br>d. Naiiba ang tao sa hayop sa paggamit ng kagamitan at sa pagkamalay niya sa kanyang ginagawa. |

| | |
|---|---|
| | 6. Ito ay uri ng korapsyon, paglalagay ng mga kamag-anak na may katungkulan sa ahensiya ng pamahalaan.<br>a. Korapsyon<br>b. Kolusyon<br>c. Nepotismo<br>d. Suhol<br>7. Ano ang tamang kahulugan ng kapangyarihan?<br>a. Ang kapangyarihan ay pagkontrol sa batas.<br>b. Ang kapangyariihan ay nakikita sa kaisipan, kilos, pananalita, lakas at tatag ng kalooban.<br>c. Ang kapangyarihan ay tumutukoy sa proseso o pamamaraan sa pagpapalakad ng isang pinuno.<br>d. Ang kapangyarihan ay tumutukoy sa pagkaka-impluwensiya ng pinuno sa kanyang nasasakupan.<br>8. Alin sa sumusunod na pagpapahalaga ang susi sa pagbuwag ng *Graft and Corruption*?<br>a. Integridad<br>b. Katapatan at pagkatakot sa Diyos<br>c. Kabaitan at pagkamasunurin<br>d. Pagtitimpi<br>9. Ano ang dapat gawin upang matigil ang pagkawala ng pondo ng pamahalaan?<br>a. Mahigpit na pagpapatupad ng parusa sa mga nagkasala.<br>b. Pagbabantay sa mga tiwaling empleyado ng pamahalaan.<br>c. Pagbatikos sa mga maanomalyang gawain ng mga nanunungkulan.<br>d. Pagbubulgar ng mga pandarayang nagaganap sa ahensiya ng pamahalaan.<br>10. Si Jonathan ay nahuli ng pulis trapiko sa kadahilanang paglabag sa batas trapiko. Kinuha ang kanyang lisensya ngunit hindi niya ito ibinigay bagkus inabutan niya na lamang ng pangmeryenda ang nakahuli sa kanya. Ang pagtanggap ba ng pulis sa pangmeryenda ay nagpapakikita ng katiwalian?<br>a. Opo, dahil ang pagtanggap ng meryenda ay pagtanggap ng suhol. |

| | |
|---|---|
| | b. Opo, dahil ang pulis ay hindi nagpakita ng katapatan sa kanyang tungkulin.<br>c. Hindi po, dahil ang pagmeryenda ay napakaliit lamang na halaga.<br>d. Hindi po, dahil nakagawian na ng nakararami ang magbigay kapalit ng kaparusahan. |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>1. Natutukoy ang mga isyu tungkol sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan.<br>2. Nailalahad ang mga maling gawi o kasanayan sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan<br>3. Naipaliliwanag ang posibleng pinag-ugatan ng mga maling kasanayan sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan.<br><br>B. Ipaskil ang larawang nagpapakita ukol sa pagkakamit ng kapangyarihan. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang kasagutan mula sa mga tanong sa ibaba. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** **(***Reflective Approach)* |


<table>
<tr>
<td></td>
<td>


Sagutin ang sumusunod na katangungan:<br>1. Ano ang ipinahihiwatig sa larawan?<br>2. Mabuti ba o masama ang pagkakamit ng kapangyarihan? Ipaliwanag.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin</td>
<td>Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima. Ipatukoy ang mga maling gawi o kasanayan na ipinakikita ng mga manggagawa sa bawat sitwasyon. Isulat ang mga ito sa kahon. Tumawag ng lider na magbabahagi ng sagot sa klase. (gawin sa loob ng 10 minuto)<br>(Reflective/Collaborative Approach)</td>
</tr>
</table>


Si Leo ay isang *program organizer* ng kanilang organisasyon. Naghain siya ng *project proposal* kasama ang badyet na kinakailangan at ito ay inaprubahan. Siya na rin ang naatasang bumili ng mga kagamitan para sa programa.

__________________
__________________
__________________
__________________
__________________
__________________
__________________

Ang isang sekretarya ay madalas na nag-uuwi ng mga *supplies* gaya ng *ballpen*, mga *bondpapers* at minsan ay *folders*. Ang katuwiran niya ay mga sobra naman iyon sa kanilang mga kagamitan at bilang nasa *admin*, ito ay pribilehiyo. Gayundin, ang paggamit ng

| | |
|---|---|
| |  |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Mula sa ginawang pag-uulat ng bawat grupo, sagutan ang mga tanong sa ibaba. Tumawag ng mga piling mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. **(gawin sa loob ng 5 minuto**) (*Reflective/Collaborative Approach*)<br>1. Ano-ano ang natukoy na maling kasanayan sa paggawa?<br>2. Sang-ayon ka ba sa mga katuwiran at pananaw ng mga opisyal sa kanilang paggamit ng posisyon o kapangyarihan? Bakit? Bakit hindi?<br>3. Sa iyong palagay, ano ang posibleng pinag-ugatan ng mga maling kasanayang ito? Ipaliwanag. |

| | |
|---|---|
| | 4. Paano nakasasagabal ang mga kasanayang ito sa tunay na kahulugan ng hanapbuhay? Sa tunay na kahulgan ng paglilingkod at pagiging mapanagutan?<br>5. Bilang manggagawa sa hinaharap, ano-anong katangian ang inaasahan sa iyo na dapat mong ipamalas? |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Basahin at pasagutan ang bawat *speech balloon* sa ibaba. Buuin ang usapan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pahayag kung ikaw ay mahaharap sa ganitong usapan. Tumawag ng apat na mag-aaral na magbabahagi ng sagot. Pagkatapos ay pasagutan ang mga tanong sa ibaba.(**gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*)<br><br> |

| | |
|---|---|
| | <br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang mga reaksiyon mo batay sa mga naging sagot ng inyong klase?<br>2. Sang-ayon ka ba sa mga napag-usapan? Bakit?<br>3. Kung ikaw ang nasa sitwasyon, ano ang nararapat na maging tugon at kilos mo rito? |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Mula sa mga magkakahalong salita, ayusin ito nang makabuo ng isang pahayag ni William Gaddis. Sagutan ang tanong sa ibaba. (**gawin sa loob ng 5 minuto**)<br>(*Integrative/Reflective Approach*)<br>*DOESN'T PEOPLE POWER PEOPLE POWER CORRUPT*<br><br>*POWER DOESN'T CORRUPT PEOPLE, PEOPLE CORRUPT POWER* – William Gaddis<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang ipinapahiwatig ng pahayag ni William Gaddis?<br>2. Sang-ayon ka ba sa sinasabi niya? Bakit? |
| | |

| | |
|---|---|
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Sagutan ng mag-aaral ang tanong sa ibaba sa kanilang notbuk.<br>1. Kung ikaw ay mabibigyan ng kapangyarihang baguhin ang isang bagay mula sa iyong nakaraan, ano ito? At bakit iyon ang iyong babaguhin?<br>2. Sa tingin mo ba ay nagamit mo nang wasto ang ipinagkaloob sa'yong kapangyarihan? Ipaliwanag. |
| H. Paglalahat sa aralin | Ang pag-aaral ng mga isyu sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan ay magbibigay sa iyo ng kahusayan sa pagsusuri ng mga moral na pagpapahalaga na nilabag sa bawat panig ng isyu at maging mapanindigan sa piniling pasya tungo sa pagiging mapanagutang nilalang. Magiging sandata mo ang mga ito sa pagharap sa mga sitwasyong hahamon sa iyong pagsisikap tungo sa pagpapakatao. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Gumawa ng *acronym* ng salitang kapangyarihan na kaugnay sa mga natalakay na paksa. Isulat ang sagot sa notbuk. Isang puntos bawat letra. **(gawin sa loob ng 5 minuto**)<br>(*Inquiry Based*/*Integrative Approach*)<br>K-<br>A-<br>P-<br>A-<br>N-<br>G-<br>Y-<br>A-<br>R-<br>I-<br>H-<br>A-<br>N- |

| | |
|---|---|
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Basahin ang sanaysay tungkol sa Mapanagutang Paglilingkod at Matatag na Panininidigan sa Tungkuling Sinumpaan na matatagpuan sa modyul pahina 341-347. |
| **IV. MgaTala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa | |

| | |
|---|---|
| tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | **IKALAWANG ARAW** |
|---|---|
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung moral upang magkaroon ng matatag na paninindigan sa kabutihan sa gitna ng iba't ibang pananaw sa mga isyung ito at mga impluwensiya ng kapaligiran |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng posisyon tungkol sa isang isyu sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. |
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | Nasusuri ang mga isyu tungkol sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan.<br>a. Natutukoy ang mga epekto ng paggawa at paggamit ng kapangyarihan sa pagkatao.<br>b. Naiisa-isa ang mga isyu sa paggawa. **EsP10PI-IVg-16.2** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 16: Mga Isyung Moral Tungkol sa Paggawa at Paggamit ng Kapangyarihan** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 200-209 |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 334-340 |
| | |

| | |
|---|---|
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *LCD projector, laptop, speaker, video*<br>https://www.youtube.com/watch?v=npNF9ByzIsE<br>https://youtu.be/9VUN1s1I6OQ?t=60 |
| **III.Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | A. Magsagawa ng larong dugtungan. Ang guro ang magsisimulang magbigay ng salitang sumisimbolo sa kapangyarihan at susundan ito ng mga mag-aaral. Bawal nang ulitin ang naibigay ng halimbawa. Tumawag ng ilang bata upang lagumin ang mga na ibinigay na salita. **(gawin ito sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective/Integrative Approach*) |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>Nasusuri ang mga isyu tungkol sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan.<br>1. Natutukoy ang mga epekto ng paggawa at paggamit ng kapangyarihan sa pagkatao.<br>2. Naiisa-isa ang mga isyu sa paggawa.<br>B. Ipabasa ang awiting Tatsulok ni Bamboo. Sagutin ang tanong sa ibaba. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*)<br><br>Tatsulok<br>(*By*: Bamboo *from* https://youtu.be/9VUN1s1I6OQ?t=60)<br><br>Totoy bilisan mo, bilisan mo ang takbo<br>Ilagan ang mga bombang nakatutok sa ulo mo |

| | |
|---|---|
| | Totoy tumalon ka, dumapa kung kailangan<br>At baka tamaan ka ng mga balang ligaw<br>Totoy makinig ka, wag kang magpagabi<br>Baka mapagkamalan ka't humandusay diyan sa tabi<br>Totoy alam mo ba kung ano ang puno't dulo<br>Ng di matapos-tapos na kaguluhang ito<br><br>Hindi pula't dilaw tunay na magkalaban<br>Ang kulay at tatak ay di syang dahilan<br>Hangga't marami ang lugmok sa kahirapan<br>At ang hustisya ay para lang sa mayaman<br><br>Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok<br>Di matatapos itong gulo<br><br>Iligtas ang hininga ng kay raming mga tao<br>At ang dating munting bukid, ngayo'y sementeryo<br>Totoy kumilos ka, baliktarin ang tatsulok<br>Tulad ng dukha, nailagay mo sa tuktok<br><br>Hindi pula't dilaw tunay na magkalaban<br>Ang kulay at tatak ay di syang dahilan<br>Hangga't marami ang lugmok sa kahirapan<br>At ang hustisya ay para lang sa mayaman<br><br>Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok<br>Di matatapos itong gulo |

| | |
|---|---|
| | Hindi pulat dilaw tunay na magkalaban<br>Ang kulay at tatak ay di syang dahilan<br>Hangga't marami ang lugmok sa kahirapan<br>At ang hustisya ay para lang sa mayaman<br><br>Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok<br>Di matatapos itong gulo<br><br>Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok<br>Di matatapos itong gulo...Di matatapos itong gulo...<br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang mensahe ng awitin?<br>2. Sino sa awitin ang tinutukoy na may kapangyarihan?<br>3. Batay sa awitin, ano raw ang puno't dulo ng gulo? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Panoorin ang *video* na may pamagat na *What is Corruption* sa *Youtube*. Pagkatapos, pangkatin ang klase sa apat at sagutin ang mga tanong sa ibaba para sa pangkatang gawain.<br>https://www.youtube.com/watch?v=npNF9ByzIsE<br>**(gawin sa loob ng 15 minuto)** (*Collaborative/Reflective Approach*)<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano-ano ang kilos na nagpakita ng korapsyon?<br>2. Sa iyong palagay, bakit may korapsyon sa ating mga kompanya o lugar na pinagtratrabahuhan?<br>3. May solusyon pa kaya sa mga ito?<br>4. Bakit dapat pagtuunan ng pansin ang mga isyu tungkol sa paggawa? Sa paggamit ng kapangyarihan? |

| | |
|---|---|
| | 5. Paano nakaapekto ang mga isyung ito sa pagkatao ng isang tao? |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Pumili ng isang miyembro na magbabahagi ng gawain ng grupo. Pagkatapos ay magkaroon ng talakayan tungkol sa gawain sa pamamagitan ng gabay ng guro. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective/Collaborative Approach*) |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Ipabasa sa bawat grupo ang sanaysay na Mga Isyu sa Paggawa: Paano Malulunasan? Sagutin ang tanong sa ibaba at iulat ng isang miyembro. **(gawin sa loob ng 10 minuto)** (*Collaborative Approach*)<br>Unang grupo-Paggamit ng kagamitan<br>Ikalawang grupo-Paggamit ng oras sa trabaho<br>Ikatlong grupo-Sugal<br>Ikaapat ng grupo-Magkasalungat na interes<br><br>Mga Isyu sa Paggawa: Paano Malulunasan?<br><br>1. Paggamit ng kagamitan. Katuwang ng tao sa paggawa ang mga kagamitan upang mapadali at mapagaan ang anumang trabaho. Ang mga ito ay produkto mismo ng kanyang talento na ipinagkaloob ng Diyos. Ayon nga kay Karl Marx, ang kabihasahan ng tao ay naaayon sa pagkamasalimuot ng mga kagamitan at sa pagkamulat niya sa kanyang ginagawa. Pinatutunayan ito na ang paggamit ng mga kagamitan sa paggawa (tulad ng *computer*, *printer, fax machine*) ay napakahalaga sa pagpapabilis ng gawain ng tao. Napakahalaga ng mga ito sa maayos at mabilis na trabaho lalo na sa panahon ng mga *deadline*. Ngunit ito ba ay pinahahalagahan at ginagamit nang maayos ayon sa gamit nito?<br><br>May mga manggagawa na naniniwala na ang paggamit ng mga kagamitan sa sariling kapakanan ay isang pribiliheyo. Ngunit limitado lamang ito dahil hindi lahat ay nabibigyan ng kalayaan sa |

| | |
|---|---|
| | paggamit nito. Makatuwiran ba ang paggamit ng telepono para makipagkuwentuhan sa oras ng trabaho o kaya laging hawak ang *cell phone* para sa pagte-*text* at paglalaro? Kung pag-aaralan, hindi mainam na gawin ito at makita sa pang-araw-araw na gawain sa loob ng kompanya o establisimyento. Maaaring hindi saklaw ng kaisipan ng ibang manggagawa na ang mga kagamitang ito ay inilaan para sa ikagaganda at ikadadali ng trabaho at hindi para sa pansariling interes. Sa pagsasabuhay ng tunay na kahulugan ng paggawa, kailangan ang tamang paggamit ng kagamitan, na naaayon sa tunay na layunin ng paggamit nito.<br><br>2. Paggamit ng oras sa trabaho. Bakit ang haba ng pila? Anong oras na? Ang katanungang ito ay madalas mong maririnig sa mga iba't ibang tanggapan. Ano ang totoo sa batas na *No Noon Break* o sa ibang tanggapang ang nakalagay ay *No Lunch Break Policy?* Sinusunod kaya ito ng mga kawani ng gobyerno? Ikaw, paano mo pinahahalagahan ang oras mo kapag nasa paaralan ka o nasa bahay man? Sa isang manggagawa, paano mo ginagamit ang walong oras mo ng pagtratrabaho sa buong araw? Sulit ba ang ibinabayad sa iyo sa trabaho mo sa maghapon?<br><br>Ang pagganap ng gawain sa oras ng trabaho ay pag-angkin ng tiwala mula sa isang bagay na ipinagkatiwala sa iyo. Masasagot mo lamang ito kung sinasabayan mo ang bawat tik-a-tik ng oras para gawin ang iyong obligasyon bilang manggagawa. Dahil dito, hindi masasayang ang anumang salapi o kapalit na bayad dahil naging makabuluhan ang paggamit mo rito. Anong uri ng pagkatao ang binubuo mo kung di mo ginagamit ng mapanagutan ang oras? Ano kaya ang mararamdaman mo kung pagkatapos ng walong oras sa paaralan o trabaho ay hindi mo natapos ang mga gawaing itinakda mong tapusin?<br><br>Tunghayan ang sitwasyon sa ibaba<br><br>Mahilig magkuwento si Ditas tungkol sa kanyang pamilya, isyu sa asawa o kasintahan sa oras ng trabaho. |

| | |
|---|---|
| | Nararapat ba itong gawin sa oras ng trabaho? Bakit? Kadalasan ang ganitong pangyayari sa opisina ay pangunahing dahilan kung bakit hindi epektibo sa kanilang trabaho ang mga manggagawa. Sinasayang nila ang panahon sa pakikipagkuwentuhan. Madalas ang kuwentuhang ito ay maaaring tungkol sa mga di kapuri-puring bagay hinggil sa isang tao o mga bagay na hindi naman mahalaga o nakasasakit sa iba o udyok lamang ng masamang gawi na siraan ang ibang tao. Kapag ganito na ang nangyayari, masama na ang epekto at nakasasakit na ng damdamin ng iba, tsismis na ang kanilang pinagkakaabalahan. Dito nag-uugat ang tinatawag na *crab mentality*.<br><br>3. Sugal. Kadalasan, ang pagsusugal ay mas karaniwang kilala bilang pustahan gamit ang pera bilang produkto ng isang tiyak na laro. Ang posibilidad ng panalo ay masyadong mababa dahil iniaasa lamang ito sa pagkakataon ng pagkakapanalo.<br><br>Sa pagsusugal, ang mga tao ay karaniwang sumusubok upang makakuha ng kahit ano sa kabila na may nakataya sa likod ng isang laro. Ang ilan ay patuloy na naglalaro sa paniniwalang hindi sila dapat panghihinaan ng loob para makamit ang panalo. Sa pamamagitan ng paggawa nito, sila ay magpapatuloy sa pustahan at sa huli ilalagay ang kanilang sarili sa panganib at pagkawala ng higit pa sa mayroon sila.<br><br>Karamihan sa taong kasangkot sa pagsusugal ay nakikipaglaban na lamang para sa kasiyahan o bilang isang paraan ng paglilibang. Ang iba naman ay may layuning kumita ng malaking pera bukod sa kita mula sa kanilang trabaho. Sa Modyul 4, ipinaliwanag na ang kalayaan ng tao ay nakakabit sa kanyang sarili (sa pagiging ako), sa kakayahang kumilos at sa sariling kagustuhan, sa pagpigil sa sarili at sa pagpapasya kung ano ang gagawin. Samakatwid, malayang gawin ng tao ang lahat ng kanyang nais, ngunit dapat laging tandaan na mayroon siyang kaakibat na pananagutan sa kalalabasan ng kanyang pagpili. Ibig sabihin, malaya ang taong pumili ng kilos na isasagawa, ngunit hindi siya malaya sa anumang kalalabasan ng kilos na ito. |

| | |
|---|---|
| | 4. Magkasalungat na interes *(Conflict of Interest).* Nangyayari ito kapag nangibabaw ang personal na interes ng isang tao lalo na kung ito ay magbibigay sa kanya ng kasiyahan at pakinabang. Ilang halimbawa ang sumusunod:<br><br>Pinansiyal na interes. Ang magkakasalungat na interes ay kapag ikaw o ang isang kamag-anak ay may pinansiyal na interes, trabaho o posisyon sa isang kompanya na iyong pinapasukan.<br><br>Mga regalo at paglilibang. Ito ang pagtanggap ng anumang regalo o pabor mula sa sinumang tao bilang kapalit sa ginawang paglilingkod. Ang ganitong sistema ay hindi dapat maging motibasyon ng isang opisyal sa pagbibigay-serbisyo sa pagtupad ng kanyang tungkulin. Sa modyul 7, ipinaliwanag ang pamantayan sa pagiging mabuti ng isang kilos sa bawat pagpili sa ginawang aksyon. Sa ikaapat nitong katangian ay nagpapaalala na nagdudulot ng higit na malalim na kasiyahan o kaganapan sa isang tao ang kanyang ginawa o piniling mabuting kilos. Ang paglilingkod ng isang tao, nasa katungkulan man o wala na naglakip ng pagmamahal sa ginawang paglilingkod at walang hinihintay na kapalit mula sa nagawang kabutihan ay katangian ng isang mabuting kilos bilang mabuti at tama. Ang kautusang walang pasubali o *Categorical Imperative* ay ang pagkilos sa ngalan ng tungkulin. Nais mong gumawa ng kabutihan hindi dahil masaya ka o may kapalit ito, kundi dahil ito ang dapat gawin.<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Tungkol saan ang inyong binasa?<br>2. Paano nagiging mali ang kasanayang ito?<br>3. Kung nasumpungan mo ang iyong kaibigan sa maling kasanayang iyong binasa, paano mo siya tutulungang magbago? |
| F. Paglinang sa Kabihasahan (Tungo sa *Formative Assessment)* | Sagutan ang tanong sa iyong notbuk. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*)<br>no ang mga gawain at isyung kaugnay ng paggawa na sumasalungat sa mga prinsipyo ng matatag na paninindigan at mapanagutang paglilingkod? Ipaliwanag. |

| | |
|---|---|
| G. Paglalapat sa aralin sa pang-araw-araw na buhay | Gamit ang dating grupo, bumuo ng isang maikling dula na nagpapakita ng isyu sa paggawa na inyong nabasa. Gamitin ang kraytirya sa ibaba. **(gawin sa loob 10 minuto)**(*Collaborative Approach*)<br>Kraytirya:<br>● Pagkamalikhain – 20%<br>● Kaugnayan sa Paksa – 30%<br>● Mensahe – 40%<br>● Dating sa madla – 10% |
| H. Paglalahat sa aralin | Bawat kagamitan sa paggawa ay kailangang gamitin nang may katapatan dahil ito ang inaasahan at tungkulin ng isang matapat at mabuting manggagawa. Ang mga kagamitang ito ay ang lakas, isip at damdamin ng tao. Ang mga biyayang kaloob na ito ay dapat gamitin upang mapabuti ang kalagayang pansarili at kapwa. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Suriin ang panunumpa ng kawani ng gobyerno. Sagutan ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa iyong notbuk. (5 puntos bawat tanong). **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*)<br><br>PANUNUMPA NG KAWANI NG GOBYERNO<br><br>Ako’y kawani ng gobyerno<br>Tungkulin ko ang maglingkod nang tapat at mahusay; dahil dito,<br>Ako’y papasok nang maaga at magtratrabaho nang lampas sa takdang oras kung kinakailangan;<br>Magsisilbi ako ng magalang at mabilis sa lahat ng nangangailangan;<br>Pangangalagaan ko ang mga gamit, kasangkapan at iba pang pag-aari ng pamahalaan;<br>Magiging pantay at makatarungan ang pakikitungo ko sa mga lumalapit sa aming tanggapan.<br>Magsasalita ako laban sa katiwalian at pagsasamantala;<br>Hindi ako hihingi o tatangap ng suhol |

| | |
|---|---|
| | Sisikapin kong madagdagan ang aking talino at kakayahan upang ang antas ng paglilingkod sa bayan ay patuloy na maitaas sapagkat ako'y kawani ng gobyerno.<br>At tungkulin ko ang maglingkod nang tapat at mahusay sa bayan ko at sa panahong ito;<br>Ako at ang aking kapwa kawani ay kailangan tungo sa isang maunlad, masagana at mapayapang Pilipinas,<br>Sa harap ninyong lahat;<br>Ako'y taos-pusong nanunumpa.<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>1. Ano-ano ang gawaing nagpapamalas ng katangian ng isang mabuti at mapanagutang manggagawa na inilarawan sa itaas?<br>2. Paano pinatunayan ng Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno ang isang tunay at tapat na paglilingkod?<br>3. Mayroon ka bang kakilala na nagtataglay nito? Anong mga gawain ang ipinamalas niya na napahanga ka nang husto? |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Basahin ang sanaysay tungkol sa Mapanagutang Paglilingkod at Matatag na Paninindigan sa Tungkuling Sinumpaan na matatagpuan sa modyul pahina 348-355. |
| **IV. MgaTala** | |
| **V. Pagninilay** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba | |

| | |
|---|---|
| pang gawain para sa *remediation* | |
| C. Nakatulong ba ang *remedia*l? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*? | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

| DAILY LESSON LOG (Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo) | Paaralan | | Baitang/ Antas | 10 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro | | Asignatura | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| | Petsa/Oras | | Markahan | Ikaapat |

| | |
|---|---|
| | **IKATLONG ARAW** |
| **I. Layunin** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga isyung moral upang magkaroon ng matatag na paninindigan sa kabutihan sa gitna ng iba't ibang pananaw sa mga isyung ito at mga impluwensiya ng kapaligiran. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mag-aaral ng posisyon tungkol sa isang isyu sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. |
| | Napatutunayan ang pagkakaroon ng matibay na paninindigan sa paggawa at tamang paggamit ng kapangyarihan ay daan para sa mapanagutang paglilingkod. |

| | |
|---|---|
| C. Mga kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang *code* ng bawat kasanayan | a. Natatalakay ang mga isyu sa paggamit ng kapangyarihan.<br>b. Naipaliliwang ang konsepto ng integridad. **EsP10PI-IVh-16.3** |
| **II. Nilalaman** | **Modyul 16: Mga Isyung Moral Tungkol sa Paggawa at Paggamit ng Kapangyarihan** |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Gabay sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *TG* p. 200-209 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 *LM* p. 334-340 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa *portal* ng *Learning Resource* | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Panturong Biswal: *Manila paper, marker, art materials* |
| **III.Pamamaraan** | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at pagsisimula ng bagong aralin. | A. Ipagawa ang larong W*ord Hunt*. Hanapin sa ilalim ng upuan ang mga isyu sa paggawa. Ipaliwanag ang nakitang isyu. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Reflective Approach*) |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin at pagganyak | A. Gamit ang *objective board*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin. |

| | |
|---|---|
